# *Ang Inilaang Dakong Sambahan Ng Diyos*

Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali.

Minamahal na Makalangit na Ama, tunay na itinuturing namin ito na isang pribilehiyo na makadako rito ngayong araw sa lungsod na ito ng Los Angeles, at sa gitna ng mga ito, ng mga mananampalataya na . . . ang mga Hinirang na tinawag palabas mula sa sanlibutan, na mga ibinukod na mga anak ng Diyos, sa dakilang oras na ito na aming kinabubuhayan, sa ilalim ng labis na pag-asam na ito sa pagpapakita ng aming Sinisinta, ang Panginoong Jesus, anumang oras. Pinapasalamatan Ka po namin para rito sa aming puso, na naniniwala kami na darating Siya sa aming henerasyon. Hinihintay namin Siya ngayon. Kung hindi Siya darating sa araw na ito, at narito pa kami bukas, hihintayin namin Siya bukas.

2 Minamahal na Diyos, idinadalangin namin na ang pagtitipon na ito ay maging isang—isang espesyal na pagtitipon. Ito po nawa'y maging isang pagkakataon na ito'y makagagawa ng isang—isang tala para sa pagsulong ng Iglesya, na mailalagay sa Iyong mga Aklat sa Walang Hanggan. Pagpalain Mo po ang bawat mumunti naming pagsusumikap, Ama. Nauunawaan naming kami'y ganap na bigo kung wala Ka, kaya nararapat lamang na sumaamin Ka po, Panginoon, kung heto po't magpapatuloy kami. At hindi namin ibig ito para sa sarili naming kaluwalhatian. Ibig namin ito para sa Iyong ikaluluwalhati. Sapagkat ito ang hangarin ng aming puso, ang makitang maluwalhati si Jesus sa Kanyang bayan. Upang palakasin ang pananampalataya nila, Panginoon, sa panahong ito kung kailan napakatindi ng labanan, naparito kami para sa rebaybal na ito sa kalagitnaan namin, at para sa isang pahinga, na isang pagpapanibagong-sigla. Idinadalangin po namin na Iyong ipagkakaloob ang lahat ng mga bagay na ito sa amin, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

3 Kapatid na Shakarian, Kapatid na babaing Wyatt, at sa mga kaibigan ng ating Panginoong Jesus Cristo, tunay na pinahahalagahan ko ang pagkakataong ito na makabisita muli sa Los Angeles, para makapangaral tungkol sa maluwalhating Jesus na ito na ipinunta nating lahat dito para higit pa nating makilala ngayon. Kung ang mga pagsusumikap natin . . .

4 [May nakikipag-usap kay Kapatid na Branham tungkol sa mikropono—Pat.] Opo, ginoo. [Blangkong bahagi sa teyp.] . . .

ganitong klase. May pagkakumplikado pala ito. Hayan po, ayaw makisama nito. [May ilan na nagmumungkahi kung paano ayusin ang mikropono.] Buweno, ayaw pa rin gumana maski paganoon. [Blangkong bahagi sa teyp.]. . .Kapatid na Shakarian. Ngayon medyo mas maayos na ang tunog.

5 Medyo maliit po ako, maliit ang boses ko, pero heto po ang isang napakalaking Mensahe mula sa Panginoon. Maraming pag-aaberya ang ginagawa ni Satanas, para pigilan na maipahayag Ito, pero mapaparating at mapaparating pa rin natin ito ano't anuman. Umaasa tayong magiging isang magandang sanlinggo ito para sa ating lahat.

6 Nakaupo ako roon na iniisip kung ilang beses na kaya ang minamahal nating yumao nang Kapatid na Thomas Wyatt, ay walang dudang, nangusap mula sa parehong pulpitong ito, isa siyang dakilang lingkod kay Cristo.

7 Kilala ko si Kapatid na Wyatt. Noon pa man siya'y naging isang malaking inspirasyon sa akin kapag nakikipagkita ako sa kanya't nakikipag-usap sa kanya. Naaalala ko, noong bata pa lang akong mangangaral, palagi niyang. . .ang kanyang aklat, na ang tawag, *Wings Of Healing*. Gusto ko 'yung pamagat na 'yun, *Wings Of Healing*.

8 At nagagalak tayo na makadako rito sa templong ito na inihandog para sa paglilingkod kay Cristo. Pagpalain ng Diyos ang kanyang nabalong asawa, at maging lahat kayo. . .Pihado, alam kong nami-miss n'yo rin siya, hayan nga. Nami-miss ko ang programa niya, noong mabalitaan kong wala na siya. Gustong-gusto kong napapakinggan ang boses na 'yun. Medyo nagkakaedad na siya, pero maganda't malakas pa rin ang boses niya, at—at may isang mensahe mula sa Diyos. At ang buhay niya ay patuloy pa ring buhay rito sa inyo na mga narito. At doon sa dako ng pagmimisyon kung saan ipinadala niya ang lahat ng mga yunit na 'yun, at iba pa, ang Ebanghelyo ay umuusad pa rin dahil kay Thomas Wyatt. Mamayapa nawa ang kanyang kaluluwa hanggang sa panahong 'yun na makatagpo natin siya sa maluwalhating Lupaing 'yun kung saan wala nang kamatayan o pagtanda. Narito tayo para magpatuloy mismo hanggang sa tawagin na ang ating oras o ang dakilang pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli kapag dumating na si Jesus para kunin tayong lahat.

9 Ngayon alam kong may gawain kayo rito, sa palagay ko, mamayang gabi. At nabanggit sa akin, kanina lang, na—na may gawain kayo rito mamayang gabi, kaya bibilisan ko hangga't maaari.

10 Dahil, may Lunes ako ng gabi, Martes ng gabi, Miyerkules ng gabi, at iba pa, ngayong sanlinggo, kaya nagtitiwala akong pagpapalain tayo ng Panginoon. Mananalangin tayo para sa mga maysakit. Ipapangaral natin si Cristo, kung loobin Niya,

kung kalooban Niya, sa buong kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli na ipapahintulot Niya sa atin na gawin. At anuman ang ipagkaloob Niya na gawin, haya't ibig nating gawin 'yun nang buong puso natin. At alam kong—alam kong pagpapalain Niya tayo kung sasampalataya lamang tayo sa Kanya.

11 At ngayon bago lamang tayo bumuklat sa Salita, para basahin Ito, gusto kong makipag-usap muli sa Kanya, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo at tataimtim sa sandaling ito, at nagtitiwalang tapos na ang aberya. Batid natin, batid mismo ng lahat ng Cristiano, na ang kaaway, ang ating kaaway, ay abalang gumagawa sa bawat pagkakataon. Pero, kita n'yo, kapag nangyayari ang mga bagay na tulad nun, manatili lamang tayo na tahimik. Batid ng Diyos ang tungkol dito. Kita n'yo, manatili lang sa pagkakaupo, maaaring may ginagawa Siya na di n'yo wari kung ano mismo sa ngayon. Makipag-usap tayo sa Kanya.

12 Ama, dalangin namin ngayon na Iyo pong patatahimikin ang dagat, na ang makapangyarihang Panginoong Jesus ay dumarating na lumalakad sa Kanyang Salita ngayon, na ipinakikilala sa amin, sa isang bagong mga kalipunan, at sa Kanyang kapangyarihan at mga pagpapakita. Hinihiling po namin ito, habang binabasa namin ang Kanyang Salita, Ito nawa'y mabigyang-buhay sa aming mga puso ngayon, para makilala namin Siya, sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

13 Ngayon bumuklat kayo sa Aklat ng Deuteronomio. Gusto kong magbasa ng isang talata, o dalawa, mula sa Aklat ng Deuteronomio, sa ika-16 na kabanata ng Deuteronomio.

> *Magdidiwang ka sa buwan ng Abib,* na ang ibig sabihin ay Abril, *at ipangingilin ang paskua sa* P*ANGINOON mong Dios: sapagka't sa buwan ng Abib inilabas ka ng* P*ANGINOON mong Dios*. . .*sa Egipto sa gabi.*
>
> *At iyong ihahain ang paskua* ng P*ANGINOON mong Dios, ang sa* mga kawan *at* sa *mga* bakahan, *sa* dako *na* paglalagyan *ng* P*ANGINOON*. . .(paumanhin). . .*sa dako na pipiliin ng* P*ANGINOON na patatahanan sa kaniyang pangalan* doon.
>
> Huwag *kang kakain sa paskua ng tinapay na may lebadura; pitong araw* na *kakanin mo sa paskua ang tinapay na walang lebadura* doon, at *ang tinapay ng pagkapighati; sapagka't* umalis *kang madalian sa lupain ng Egipto:* . . .*upang iyong maalaala ang araw* na *iyong* inialis. . .*palabas* ng *lupain ng Egipto sa lahat ng mga araw ng iyong buhay.*

> *At pitong araw na walang makikitang lebadura* sa iyo, sa lahat ng hangganan, *lahat ng iyong mga hangganan; ni* sa *anomang*. . .*karne, na iyong ihahain sa unang araw sa* paglubog ng araw, *ay walang maiiwan* sa anumang paraan hanggang *sa umaga;*
>
> *Hindi mo maihahain ang paskua sa loob ng alin mang* pintuang-daan. . .*na ibinibigay sa iyo ng* PANGINOON *mong Dios:*
>
> *Kundi sa dakong pipiliin ng* PANGINOON *mong Dios na patatahanan sa kaniyang pangalan, ay doon mo ihahain ang paskua sa* pagtatakip silim, at *sa paglubog ng araw, sa panahon na iyong* inialis *sa Egipto*.

14 [Umiiyak ang isang sanggol sa kongregasyon—Pat.] Parang may aberya uli tayo. Naniniwala akong kaya kong sumigaw nang mas malakas kaysa sa sanggol. Uh-huh.

15 Isa pong tunay na kakaibang teksto ito na nais kong ipangusap sa ilang sandali, ngayong hapon, itong tungkol sa: *Ang Inilaang Dakong Sambahan ng Diyos*.

16 Ngayon, hindi ito karaniwan. Pero tulad nga ng naipangusap ko na noon, maraming beses na, na karaniwang nananahan ang Diyos sa di-pangkaraniwang mga pamamaraan, di-pangkaraniwang mga dako, gumagawa ng di-pangkaraniwang mga bagay, dahil hindi Siya pangkaraniwan. Sinuman ang nananampalataya sa Kanya, ay kumikilos nang hindi karaniwan. Maraming, maraming mga bagay ang masasabi natin tungkol sa Kanyang pagiging di-pangkaraniwan. Pero alam ko na ang lahat, ng nakakakilala sa Kanya, ay alam mismo na Siya'y di-pangkaraniwan, gumagawa ng mga di-pangkaraniwang bagay, haya't minsan pa nga'y sa mga di-pangkaraniwang pagkakataon. Kaya nagtitiwala tayo ngayon na pagpapalain ng Diyos ang mga ito, ang pagbabasa na ito ng Salita, at ang teksto na pinili kong ipangusap sa inyo.

17 Ngayon, sa tingin ko 'yung naging sanhi ng aberya natin dito, ay, pinuputol nila 'yung mga teyp rekorder doon, at nahigop 'yung kuryente na dapat sana'y magpapagana sa mikropono rito. Kaya, kung di nila ito maiayos, aba, maririnig at maririnig n'yo pa rin naman ako ano't anuman. Ang mga tainga natin ang aayusin ng Diyos para makapakinig tayo.

18 Ang dahilan kung bakit gusto kong mangusap tungkol sa tekstong ito, haya't magandang pagkakataon na gawin ito, sa pagtitipon ng Full Gospel Business Men, ay dahil po lahat ng mga iglesya, o karamihan sa kanila, ay may nagrerepresenta sa grupong ito, lahat ng iba't iba't denominasyon.

19 At napapansin ko, maraming beses, na ang mga tao, kapag makakasalubong ko sila sa kalye, maging sa daanan, at sa eroplano, sa tren, sa bus, sinasabi ko sa kanila, "Kayo po ba'y Cristiano?"

20 Sasabihin ng isa sa kanila, “Buweno, Methodist ako. Baptist ako. Presbyterian ako. Lutheran ako. Pentecostal,” o parang ganoon.

21 Bawat isa’y may denominasyon na ibig niyang irepresenta. At ayos lang naman ’yan na mairepresenta ng isang denominasyon, pero, sa kabila n’yan, ang di-magandang bahagi nito, ay iniisip ng bawat isa na itong isang grupo lang na ito ang tanging grupo na—na mapupunta sa Langit, na ito lang daw ang nag-iisa na—na nirerepresenta ang Diyos, sa lahat, ito raw partikular na grupo ng kung sino. Naisip ko na ngayong hapon na ito ang magandang pagkakataon para resolbahin ito. [Pumapalakpak ang kongregasyon—Pat.] At marahil ’yun ang dahilan kung bakit patuloy na inaaberya ni Satanas ang mikroponong ito. Alam n’yo, anumang bagay na gawa ng tao ay magkakaproblema, pero ang bagay na gawa ng Diyos ay hindi magkakaproblema. Kaya bilang magandang panahon ngayon para gawin ito, magandang lugar para gawin ito, kaya naman, nawa’y tulungan tayo rito ng Diyos, sa Kanyang biyaya, mangyari nga na sisikapin natin ang lahat ng makakaya natin para mangusap tungkol dito.

22 Ngayon ang tekstong ito, ay mula sa Aklat ng Deuteronomio. Nauunawaan kong ang Deuteronomio. . .heto po’t inilista ko rito ang ilang mga Kasulatan at mga bagay-bagay.

23 Dati-rati kaya kong matandaan ang mga ito nang isang iglap, pero mula noong lumampas na ako ng dalawampu’t lima, sa ikalawang pagkakataon, medyo nahihirapan na akong matandaan itong lahat. Kaya, pumapasok ako sa silid at nananalangin. At habang ibinibigay Niya ang mga Kasulatan sa akin, inililista ko ang mga ito, at kung minsan naglalagay ako ng komentaryo rito at doon, kalakip, para mapanatili ko ’yung tumatakbo sa isip ko noong ibigay Niya ito sa akin.

24 Ang *Deuteronomio* ay isang salitang Griyego na ang ibig sabihin ay “dalawang batas,” itong salitang Deuteronomio. At may dalawang batas ang Diyos.

25 At ang isa sa mga ito’y ang batas ng kamatayan, ukol sa pagsuway sa Kanyang Salita. Alam natin, na noong sinuway ni Eba ang Kanyang Salita, nagdulot ’yun ng kamatayan. Isa ’yun sa mga batas Niya, “Sa araw na kumain ka nito, sa araw na ’yun ikaw ay mamamatay.”

26 At pagkatapos may isa pa Siyang batas, ’yung batas ng Buhay, ukol naman sa pagsunod. Kung hindi mo gagawin ang *ganito* at kung anong mga bagay, na haya’t, kung tutupad ka sa Kanyang Salita, mabubuhay ka.

27 Matutugaygay mismo sa dalawang bagay, sa paraan ng pag-iisip ko ukol dito, ’yun ay, susundin mo ba ang Salita Niya o susuwayin mo ang Salita Niya.

28 Ibinigay ang isa sa mga batas na ito doon sa Bundok ng Sinai. At ang isa naman ay . . . Yun ang batas ng kamatayan. Yung isa pang batas ay ibinigay roon sa Bundok ng Kalbaryo, kung saan ipinagkaloob ang batas ng Buhay, sa pamamagitan ni Jesus Cristo.

May dalawa rin Siyang tipan.

29 Mayroon Siyang tipan kay Adan, ang unang tao sa lupa. At ang tipan na 'yun ay nakabatay sa mga kondisyon, "Kung gagawin mo ang *ganito-at-ganoon*, gagawin Ko naman ang *ganito-at-ganoon*." Kailangang may gawin si Adan para mapanatiling buhay ang tipan na 'yun sa harapan ng Diyos. Kinailangan niyang lumakad sa pamamaraan ng Diyos, na tinutupad ang buo Niyang Salita, na hindi nilalabag ang isa mang Salita.

30 Pero pagkatapos ay gumawa ang Diyos ng panibagong tipan, at 'yun ay kay Abraham. Ang tipan na 'yun ay hindi nakabatay sa mga kondisyon, bagkus walang kondi-kondisyon. Ibinigay ng Diyos ang tipan kay Abraham, walang kondisyon na nakatali rito, na kahit na ano. Walang kondi-kondisyon! Hindi, "Gagawin ko." "Tapos na! Ginawa Ko na ito."

31 At 'yun ang batas na dapat ipamuhay ng mga Cristiano. Hindi 'yung kung ano ang magagawa natin sa ganang sarili natin, kundi kung ano ang ginawa na Niya para sa atin. Naihandog na bilang hain si Cristo. Hindi, "Iaalay pa lang Siya." Inialay na Siya! Ito'y tapos nang produkto. Nabuhay Siya, namatay, muling bumangon, umakyat sa Langit, bumalik sa anyo ng Espiritu Santo. Kaya, ito'y tapos nang gawa, sa Diyos. Si Cristo, na hindi nakakakilala ng kasalanan, ay inaring kasalanan ko; nang sa gayon makatayo ako sa lugar Niya, humalili Siya sa lugar ko. Nasa Kanya ako, doon sa Kalbaryo, noong namatay Siya. Doon ay kailangan kong mamatay kasama Niya, para mabuhay. Dahil ang batas ng kasalanan at kamatayan ay nasa katawan, kailangan mong mamatay, para maipagkasundo sa Kanya.

32 Pero ngayon heto sa atin ang lahat ng mga salitang ito na magagamit natin, itong dakilang mga teksto na ito, na pamilyar na pamilyar tayong lahat sa marami sa mga ito, at itong dakilang mga pagtitipo ng Kasulatan. Pero, ngayong hapon, ito ang kinakaharap natin, na, sa harap ng lahat ng ito, sinasabi pa rin Niyang may nag-iisa lamang na dako na katatagpuin Niya kayo, sa harap ng lahat ng ating iba't ibang teorya. Mayroon tayong Judaismo. Mayroon tayong Mohammedanismo. Mayroon tayong. . .Mayroon tayo nitong lahat ng uri ng mga kredo at denominasyon, mga iglesya, at kung anu-ano pa, pero sa kabila n'yan sinabi ng Diyos na may nag-iisa lamang na dako na katatagpuin Niya kayo. Hayan nga ang lahat ng mga dako, na sinasabi ng bawat isa na, "Kumakatagpo Siya sa iglesya ko. At

kung hindi ka kabilang sa iglesya ko, hindi ka Niya—hindi ka Niya katatagpuin. Ikaw, ikaw nga'y dapat na mapabilang sa grupong ito o hindi ka Niya—hindi ka Niya katatagpuin doon. O, hindi ka Niya katatagpuin sa iba pang dako maliban doon, ang ibig kong sabihin."

33 At heto nga na nalaman natin dito na mayroon talaga Siyang isang dako, isa lamang na dako. "Ihahandog mo ang hain sa dakong pipiliin ng Panginoon mong Diyos." Ngayon may pinili Siyang dako na kinakatagpo Niya ang mga anak na sumasamba, at hindi sila maaaring maghain sa iba pang dako maliban sa isang dako na 'yun. Hindi uubra ang anumang iba pang dako. May partikular Siyang isang dako na katatagpuin Niya sila. At isang dako, lamang, ang dako kung saan Niya katatagpuin ang mananamba.

34 Kaya naman, kung totoo 'yun, dapat na maging lubos na maingat tayo na matagpuan natin ang dako na 'yun. Sa tingin ko'y labis na marapat sa atin, na, bilang mga tao na nakababatid na nasa bingit tayo ng kamatayan, at nabubuhay sa isang lahi na nasa bingit ng kamatayan, nabubuhay sa isang kapanahunan na nasa bingit ng kamatayan, nabubuhay sa isang bansa na nasa bingit ng kamatayan, sa ilalim ng bandila ng kamatayan.

35 At ang mundong ito'y malapit nang magwakas. Hindi na ito maaaring tumagal pa. Napakalalim na ng kasalanan. Wala na itong pag-asa. Wala nang pag-asa para sa mundo. Lampas na ito roon.

36 Naniniwala akong namumulot na lang ang Espiritu Santo sa bukirin, makakatagpo ng isang *ito* at ng isang *'yun*, dahil malapit nang matapos ang oras. Naipangaral na ang Ebanghelyo sa bawat bansa, nakabuntot ang mga ismo't mga bagay-bagay, pero sa kabila nun ay tuluy-tuloy pa rin ang Ebanghelyo tulad ng dati.

37 At ngayon, sa huling panahon, nakikita natin ang mga pangyayari kung paano ito nangyayari, may matinding babala sa kalagitnaan ng mga hinirang ng Diyos, na hanapin kung ano ang tama. At nararapat sa atin na malaman 'yun. Ngayon, hindi teorya ng kung sino, kundi ang malaman kung ano mismo ang Katotohanan, ang bagay na sinasabi ng Biblia na Katotohanan nga mismo. Dahil, magiging huli na ang lahat isa sa mga araw na ito, para sa atin, at marahil ito na 'yung araw na 'yun, kaya isaalang-alang nating mabuti kung ano ang sinabi ng Diyos.

38 Alalahanin n'yo, kapag ang Diyos ay bibigkas ng isang Salita, hinding-hindi Niya ito maaaring bawiin. Kailangan mismong manatili Siyang ganoon pa rin. Hindi Siya kailanman maaaring magsabi ng isang bagay, at pagkatapos sasabihin, "Buweno, hindi ganoon ang eksaktong gusto Kong—gusto Kong sabihin." Kita n'yo, Siya'y walang hangganan. Alam Niya ang pinakamabuti, sa simula pa lang. Nakakapagsabi tayo ng mga

bagay na sa tingin natin ay pinakamabuti, pero mga ilang saglit lang ay binabawi rin natin. Anupa't hindi 'yun maaaring gawin ng Diyos, at mananatili pa ring Diyos. Kaya kung Siya'y walang hangganan, hindi Niya—hindi Niya 'yun gagawin, dahil Siya ay ganap sa bawat Salita. Hindi Siya kailanman sasambit ng isang Salita maliban na ito'y Walang Hanggan. Lahat ng Kanyang pagiging Walang Hanggan ay kalakip na Niya sa pasimula pa lang, ang Kanyang kaisipan, ang Kanyang mga katangian, at ipinapahayag lamang ng mga ito ang kanilang sarili sa mundo ngayon.

39 Ngayon, alalahanin n'yo, naglaan Siya ng dako, isang dako lamang kung saan Niya katatagpuin ang mga nananampalatayang anak. Hindi uubra ang saanmang iba pang dako.

40 Alalahanin n'yo, sinabi noon ni Jesus, noong narito Siya sa lupa, na kinakausap ang isang grupo ng mga tao na ubod ng relihiyoso, ubod ng husay, matataas ang pinag-aralan, grabe ang kasigasigan nila, sa Diyos, pero sinabi ni Jesus sa kanila, "Walang kabuluhan ang pagsamba ninyo sa Akin," dahil itinuturo nila bilang Pinakaaral ang mga tradisyon ng tao. Alalahanin n'yo kung gaanong maka-Diyos ang mga taong 'yun, at kung gaanong kasigasig sila sa Diyos. Naniniwala ako kung bibilangin natin kung sino ang mas masigasig, kung sa panahon bang ito o sa panahong 'yun noon, haya't higit na mas masigasig sila kaysa sa atin. Malayong higit! Pagdating sa pagsunod sa mga tradisyon at mga kautusan, at mga bagay-bagay, namumuhay sila sa pamamagitan ng mga 'yun. At grabe ang kasigasigan nila sa Diyos, at naniniwala sila sa Diyos. Pero si Jesus, ang Diyos na nagsalaman sa kalagitnaan natin, ay nagsabi, "Walang kabuluhan ang pagsamba ninyo sa Akin." Ngayon, hindi Niya sinabing hindi nila Siya sinasamba. Sinasamba nila Siya, pero walang kabuluhan.

41 Mangyari nga na anumang walang kabuluhan ay walang-, walang halaga, walang mabuting maidudulot. Hindi n'yo dapat gawin 'yun, dahil sinasayang n'yo lang ang oras n'yo. Sinasayang n'yo lang ang hininga n'yo, sinasayang n'yo lang ang pagsisikap n'yo, hanggang sa malaman mismo natin kung ano ang pinagsusumikapan natin.

42 Tunay nga, na kung inaasahan ng Diyos ang mga tao na maging sakdal, gaya mismo ng sinabi ni Jesus, "Kayo nga'y mangagpakasakdal na gaya ng inyong Ama sa Langit na sakdal," kailangan may paghahanda sa kung saan. Tapos sinabi Niya, "Pipili Ako ng dako na pagsasambahan ng mga tao sa Akin. Wala nang iba pang dako kung saan Ko sila katatagpuin." At, kaya naman, kailangan mismo na 'yung dako na 'yun talaga, at kailangan natin itong hanapin. Alamin kung saan ito, at pagkatapos dumako roon. Sa tingin ko ay dapat tayong dumako

roon, kaagad, kapag nahanap na natin ang dako, iwanan ang iba pang mga bagay.

43 Ngayon, alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus sa mismong Kasulatan dito na sinisipi ko. Ang tradisyon ng tao kung ganoon ay walang kabuluhan. Hindi tayo dapat magpahapay-hapay ukol dito. Kailangan mayroon, saanman, na isang dako na inilaan Niyang dako para sa atin, na maaari nating dakuan at pagkatapos ang pagsamba ay tatanggapin. Ngayon, alalahanin n'yo, sa labas ng piniling dakong 'yun, kahit gaano ka man kasinsero, gaano ka man kapundamental, wala pa ring kabuluhan ang pagsamba mo.

44 Alam kong parang malupit 'yun. Pero, malapit nang matapos ang gusali, ayaw natin na uuga-uga ito. Patatagin natin ito sa Ebanghelyo, para kapag nakasalubong kayo ng mga tao sa lansangan, o kung saan man kayo naroon, kayong mga Cristiano, na mayroon kayong maisasagot para sa kanila.

45 Sa oras na sasabihin nila, "Oh, *ganito* Yun. At nakita ko ang *mga ito* na ginawa ito, at ang *mga 'yun* na ginawa 'yun." Tunay naman, kailangang mangyari ang lahat ng mga bagay na ito. Pero may isang dako lamang na inilaan ng Diyos, at 'yun ang dako na kinakatagpo ng Diyos ang mananamba, doon lamang.

46 Pansinin n'yo ang ika-2 talata, "Sumamba sa dako na Aking pinili." Piniling ano? Sa dakong ito na ipinapakitang may dako Siya kung saan ang lahat ng mga tao'y sumasamba. Ang iba pang mga dako ay walang saysay. "At sa dako ring ito," sinabi Niya, "pinili Ko ring ilagay ang Aking Pangalan sa dakong ito. Pipili Ako ng isang dako, at ilalagay Ko ang Aking Pangalan dito, sa dakong ito na pagsasambahan niya."

47 Ngayon, ipinapakita nito na may isang dako, isa lang. Kailangan na Diyos mismo ang pumili rito; hindi maaaring pinili natin. Wala tayong pagpipilian; pinili na Niya ito. Ngayon, ang pipiliin ng Diyos ay tama. Maaari akong magkamali sa pagpili, maaari kayong magkamali sa pagpili, pero hindi magkakamali ang Diyos. Tama ang pipiliin. Dahil kung tutuusin, haya't, Siya naman yaong sinasamba. At may dako Siya kung saan nais Niyang doon magtagpo ang Kanyang mga mananamba, at kailangan natin Siyang katagpuin doon. Yun ang tanging dako na pinamamamalagian Niya; tanging dako kung saan ka Niya pakikinggan.

48 Pansinin natin dito, rin naman, "Ang dako na pinili Ko para pagsambahan sa Akin, ilalagay Ko ang Aking Pangalan sa dakong 'yun."

49 Oh, haya't saliksikin natin ngayon ang mga Kasulatan para sa dakong 'yun na pinaglagyan Niya ng Kanyang Pangalan. Ngayon may mga anino't mga tipo tayo, sa buong Biblia, alam natin 'yan, 'yang iba't ibang dako kung saan Niya kinatagpo ang mga tao, pero hindi 'yan ang dako kung saan Niya sila

katatagpuin sa panahong ito. Dahil paunang anino lamang ito ng isang bagay, na tumutugaygay sa tunay na dako kung saan Niya katatagpuin ang mga tao, ang dako, ang Iglesya kung saan Siya makikipagtagpo. At may isang dako, may isang Iglesya, na ipinangako ng Diyos na katatagpuin ang mga tao sa dakong ito at tutugunin ang kanilang mga panalangin, kung pupunta lamang sila sa dako na ito at sasamba sa Kanya.

50 Ngayon nalaman natin na marami ang nag-aangkin na—na nasa kanila raw ang naturang dako, ang Pangalan daw ng Diyos ay nasa kanilang dako. Pero, nakita n'yo, *sila* ang naglalagay ng Pangalan ng Diyos doon. Malaki ang kaibhan ng Diyos mismo ang naglalagay ng Kanyang Pangalan doon, at ng tao ang naglalagay roon, ng Kanyang Pangalan doon. Kita n'yo? Dapat nating tandan na ang sinabi ng Diyos, Siya ang maglalagay. "Inilagay Ko ang Aking Pangalan. Ilalagay Ko ang Aking Pangalan sa dakong ito. At 'yun ang dakong pinipili Ko, at napili, na dapat manambahan ang mga tao."

51 Heto po, ipinapakita sa atin ngayon itong mga anino ng panahon, ipinapakita sa atin si Cristo. Ang buong Lumang Tipan ay paunang anino ukol kay Jesus. Sa Egipto, noong gabing 'yun na magkakaroon ng isang—isang kordero ng paskwa na papatayin para sa proteksyon ng bayan, nauunawaan natin na may isang dako ang Diyos, isang kondisyon. Kahit gaanong kabata, gaanong katanda ang isang saserdote, ministro, ano ka man, kailangan narito ka sa partikular na dakong ito. Ang lahat ng nasa labas ng dakong 'yun, ay nangamatay. Kailangan narito ka sa isang dakong ito, isang dako na Kanyang inilaan.

52 Ngayon, maaari tayong gumugol ng maraming oras, ngayong hapon, sa pagpapaliwanag nun, kaya naman magbabalik-tanaw lang tayo dun sa alam na natin, 'yung kung papaanong umaanino kay Cristo ang mga tipo. Ang hain na Cordero, kung papaano mismo ang pag-iingat dito, isang lalaki na walang kapintasan, at kinakailangan na matatanda ang papatay, at kung papaano dapat iwisik ang dugo sa pintuan, haya't ang lahat ng 'yan ay umaanino sa pagdating ni Cristo. At sa ilalim ng nabubong dugo na ito ay ang dako na kinakatagpo ng Diyos ang mananamba, noong dumaan ang anghel ng Kamatayan sa lupain.

53 Naniniwala akong nakahanda na tayong lumabas mula sa Egipto, isa sa mga araw na ito, at pumasok sa ipinangakong Lupain na ito. At panahon na para makarating tayo sa tamang dako, at itigil na itong mga pagtatalo, "Presbyterian ako. Methodist ako. Baptist ako. Ako'y *ganito*. Ako'y *ganoon* o kung *ano pa*." Lumabas kayo riyan, at hanapin kung nasaan ang dako na ito, dahil may kamatayan sa lahat ng dako maliban sa Kanyang piniling dako. Tatama ang kamatayan na kasintiyak ng mundo, kung wala tayo sa pinili Niyang dako. Pero sa dako na Siya ang pumili, hindi makadadako roon ang kamatayan.

54 Kung mapapansin n'yo sa hain na kordero, dumalaw na roon ang kamatayan. Dumating na ang kamatayan sa dakong ito dahil namatay na ang kordero. Dumalaw na ang kamatayan. At kaya sa dako na dumalaw na ang kamatayan, hayan nga na nangako ang Diyos na 'yun ang magiging dako Niya. Kung ganoon, kung titingnan Siya, nakikita na natin ngayon kung ano ang hain na kordero, kung ano ang dako ng buhay noong panahong 'yun.

55 Ngayon, sa akin, pinawawalang-bisa nito ang lahat ng mga argumento. Hayan nga na kitang-kita si Cristo, bilang ang hain na Cordero, kung ganoon pinawawalang-bisa nito ang lahat ng mga denominasyon, lahat ng mga kredo, lahat ng mga dogma, lahat ng pagka-makasimbahan. Niwawalang-bisa nito ang buong bagay. Siyanga, dahil nakita natin, dito, nakikita Siya, dahil Siya ang dalisay na Salita ng Diyos na di-nahaluan. Sa San Juan 1, ang sabi, "Nang pasimula ay ang Salita, ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. At naging tao ang Salita at tumahang kasama natin." Samakatwid Siya ang di-nahaluang Salita ng Diyos na nagkatawang-tao, na nahayag.

56 At habang kitang-kita ito, hindi natin maiuugnay ito sa kahit anong iglesya sa mundo ngayon, anumang denominasyon. Anumang dako na tulad nun, hindi natin ito maiuugnay, dahil hindi 'yun sa ganoong paraan. Tayo-tayo ang naglalagay ng Pangalan ni Cristo sa isang gusali, tinatawag ito na mga iglesya ni "Cristo," at *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Hindi ibig sabihin nun ay 'yun na 'yun. Hindi 'yun ang nagbunsod nun, maski katiting. Pero kapag ang Diyos ang naglagay ng Kanyang Pangalan sa isang bagay, 'yun ang magbubunsod.

57 Ngayon, walang kahit ano sa Biblia na maititipo sa mga modernong organisasyon natin, maliban sa Babilonia. Yun ang tanging tipo sa Biblia ukol sa moderno nating organisasyon, inorganisang relihiyon, dahil itinatag ito ni Nimrod at isang sapilitang pagkakaisa 'yun sa pagitan ng mga relihiyoso. At ganoon ang bunsod ng ating mga kredo't mga denominasyon sa panahon ngayon, sapilitang pagkakaisa, "Alinman sa kabilang ka rito o nasa labas ka!" At papunta na tayo ngayon, gaya ng nakikita natin, sa isang pagpipilit ng lahat tungo sa isang malaking pagkakaisa nito. Pero mekanikal na payo 'yan na gawa ng tao, at hindi ito makatatayo. Hindi ito kalooban ng Diyos. Hindi ito programa ng Diyos. Kahit gaano pang pagpupumilit na sabihin ng tao na ito na raw talaga, haya't hindi talaga. Hindi maaari. Sadyang imposible, para magkaganoon. Hindi ilalagay ng Diyos ang Kanyang Pangalan sa ganoong bagay na itinatanggi ang Kanyang Salita. Papaano mananahan ang Diyos sa isang bagay na itinatanggi ang Sarili Niyang Salita? Hindi Siya papayag nun.

58 Kaya heto't nalaman natin, hindi ito maiuugnay sa anumang iglesya, Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal, Katoliko,

Greek Orthodox, ano pa man ito. Hindi ito dakong sambahan ng Diyos, ngayon.

59 Ngayon hayaan n'yong ang Diyos, na Siyang nangako nito, ang siyang lumantad at patunayan mismo, na tama ito. Ganoon ang pamamaraan na dapat gawin. Kung Siya'y Diyos pa rin, Siya'y Diyos pa rin! Kung Diyos Siya kailanman, mananatili Siyang Diyos!

60 At ngayon nakikita natin ang sapilitang relihiyon na ito, na kitang-kita mismo ngayon, para dalhin ang lahat ng maliliit na grupo tungo sa "isang malaking pagkakaisa," gaya ng tawag nila rito. Ang ilan sa kanila'y naniniwala sa *ganito*, at ang ilan ay naniniwala sa *ganoon*; at itinatanggi ng ilan 'yung *ganito*, at itinatanggi naman ng ilan 'yung *ganoon*. Sinabi ng Biblia, "Papaano makakalakad ang dalawa maliban na sila'y magkasundo?" Hindi ito kailanman uubra.

61 Kailangang magkasundo tayo. At anong pagkakasundo sa ano? Hindi lang magkasundo sa isa't isa, kundi kailangan nating magkasundo ukol sa Salita, sa Diyos. Doon dapat nagkakasundo.

62 Ngayon nalaman natin, haya't may sapilitang pagkakaisa na ang mga kumakatawan ay mga grupo ng mga tao sa Babilonia noon. Hindi maaaring ilagay ng Diyos ang Kanyang Pangalan sa ganoong bagay. Hindi Niya kailanman ginawa at hindi Niya kailanman gagawin. Bagaman sinubukan nila, inilagay nila ang kanilang pangalan dito, o inilagay ang Pangalan Niya rito, pero hindi 'yun umubra.

63 Anupa't kailangan nating hanapin kung saan Niya inilagay ang Kanyang Pangalan, dahil ito ang dako at ang tanging dako na inilaan Niya para dakuan ng mga Cristiano, at ng mga nananampalatayang anak, at sambahin Siya sa dakong ito. Ano kaya ang dakong ito?

64 Ngayon para suportahan ito, maaari nating tingnan ang buong Biblia para suportahan ang sasabihin ko. Dahil, ang dakong pinili Niya ay kay Cristo, kay Jesus Cristo. Sa Kanya, sa Kanyang Anak; ang Anak ng Diyos, si Jesus Cristo.

65 "Buweno," sasabihin n'yo, "binubulay ko ang mababasa sa Kasulatan dito na sinasabi Niya na pipili Siya ng dako, at ilalagay rin Niya ang Kanyang 'Pangalan' sa dakong 'yun."

66 Buweno, sa tuwina'y dinadala ng anak ang pangalan ng ama. Ang pangalan ko'y Branham dahil ang tatay ko ay Branham.

67 At binanggit ni Jesus na dumating Siya sa Pangalan ng Kanyang Ama. San Juan 5:43, "Naparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama at hindi ninyo Ako tinanggap," kaya naman diyan inilagay ng Diyos ang Kanyang Pangalan, sa ilalim ng paghahain ng Kanyang Sariling Anak! Yan ang tanging inilaang dako ng Diyos. Diyan maaaring makipagtagpo ang mga tao sa

Diyos, haya't kay Cristo. Yan ang Kanyang inilaang dako mismo. Walang denominasyon, walang kredo, walang iba pa, na nangako ang Diyos na makikipagtapo. Tanging kay Jesus lamang Siya makikipagtagpo, dahil 'yun ang tanging dako na naroon ang Kanyang Pangalan.

68 Maririnig din natin si Jesus, sa pagtugaygay ko rito sa Kasulatan, sa Juan, ika-5 kabanata ng Juan sa ika-43 talata, ang sabi Niya, "May ibang paririto, at paririto siya sa sarili niyang pangalan, at siya ang inyong tatanggapin." Makaaanib tayo sa isang kredo, "may iba," makaaanib tayo sa isang denominasyon, sa ganyan n'yo tinatanggap ang iba na 'yun; pero kapag si Jesus ang tatanggapin n'yo, iba 'yun. "May ibang paririto, 'Sasabihin ako'y Methodist, ako'y Baptist, ako'y Presbyterian,' tinatanggap n'yo nga 'yung ganoon. Pero pumaparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama, ginagawa ang sinabi ng Ama na Aking gagawin, at hindi ninyo Ako tinatanggap." Sabi Niya, "Dumating si Juan, at mayroon siyang isang dakilang patotoo, ngunit mayroon Akong mas dakilang patotoo sa Diyos—sa Diyos kaysa sa ginawa ni Juan. Sapagkat kung ano ang ibinigay sa Akin ng Ama para gawin, 'yun ang ginagawa Ko," ang mga Salita na isinulat ukol sa Kanya, kung magiging ano Siya sa panahong 'yun. Dahil Siya'y . . .

69 Ang Pangalan Niya ay Diyos. Maraming titulo ang Diyos. Ang *Diyos* ay isang titulo, Mismo, tinawag na Jehovah-jireh, Jehovah-rapha, Jehovah-manasseh. Tinawag Siya na Rosas ng Sharon, Liryo ng Libis, Tala sa Umaga; Alpha, Omega, Simula at Wakas; tapos Ama, Anak, Espiritu Santo; lahat ng mga titulong ito.

70 Pero ang Kanyang Pangalan, ang Pangalan ng Diyos ay "Jesus Cristo," Ang Pinahiran. Yun ang Pangalan Niya. Marami Siyang titulo, pero iisang Pangalan, nag-iisa, "Walang ibang Pangalan sa silong ng Langit na ibinigay sa mga tao, na sukat ninyong ikaliligtas." Nalaman natin na totoo 'yan.

71 Heto rin na may babala, na, "May iba na paririto, na paririto siya sa sarili niyang pangalan, 'Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal,' at iba pa, tatanggapin ninyo siya. Makikianib kayo sa kanya." Pero si Cristo'y tinanggihan. Tinanggihan nila Iyon.

72 Sinabi ng propeta! Sige't tugaygayin natin ang Pangalan Niya nang kaunti pa. Sinabi ng propeta, "Ang Pangalan Niya ay tatawaging 'Emmanuel.'" Ngayon, 'yun ang sinabi ni Isaias, sa bandang ika-7 kabanata. At ganoon din sa Mateo 1:23, ang sabi, "Nangyari ang lahat ng ito, upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na sinasabi, 'Ang Pangalang itatawag sa Kanya ay *Emmanuel*, na ang ibig sabihin, "Kasama natin ang Diyos."'"

73 Emmanuel, at ang Pangalan Niya ay Jesus, kasama natin ang Diyos, dala ang Pangalan ng Kanyang Ama. Dumating

Siya sa Pangalan ng Kanyang Ama. Doon inilagay ng Diyos ang Kanyang Pangalan, sa Kanyang Anak. Yun ang tanging dako na maaari n'yo Siyang sambahin. Ang tanging dako na makikipagtagpo sa iyo ang Diyos, ay sa Anak na 'yun na itinipo sa hain na kordero. At sa buong Lumang Tipan, lahat ay tumitipo sa iisang bagay na 'yun, na tanging sa dako lang na 'yun, ang Diyos, sa iisa lang, ay nakikipagtagpo sa ilalim ng haing dugo; sa tanging dako na nakikipagtagpo Siya. Ang tanging dako na nakikipagtagpo Siya ngayon: haya't hindi sa pangalan ng kredo, o sa isang pangalan ng denominasyon, pangalan ng simbahan, o pangalan ng isang grupo, o pangalan ng isang samahan, kundi sa Pangalan ni "Jesus Cristo!"

74 Nasubok ko na 'yan noong kabataan ko. Madalas ko nang naririnig ang tungkol sa espiritismo, tungkol sa diyablo, kung papaano niya ginagawa ang mga bagay-bagay. At alam kong kung may Diyos, siguradong may diyablo, dahil sinabi ng Biblia na may diyablo. At mangyari nga, naisip ko. . . narinig ko ang tungkol dito sa mga espiritista. Nagpunta ako sa ilan sa kanila, napag-alaman ko na peke sila, na walang anuman sa kanila, isang malaking bunton lang ng pagkukunwari. Pero nalaman kong may ilan sa kanila na totoong espiritista.

75 Nasa isang camp ako minsan, kung saan kasama ko ang isang ministro para makita sila roon. At inangat nila 'yung mesa mula sa sahig, at may mga baso ng wiski na nakapatong dun; at pinalutang nila 'yung mesa, pinaikot-ikot. At nagliliparan 'yung gitara sa buong gusali; 'yung mga damit din ng mga tao. Pinalutang 'yun, sa loob ng silid. Sabi, sinabi nung medyum, "Hinahamon ko ang sinuman na pabagsakin ito."

76 Sabi ng dalawang lalaki, "Hihilahin ko ito pababa." Sinunggaban nila 'yun sa may paa nang *paganoon*, at sinubukan nila itong pababain. Ayaw bumaba. Aba, sila pa ang iwinasiwas nung mesa sa sahig.

77 Huwag kayong paupo-upo lang. Kung hindi pa kayo naging misyunero at nakahayo sa mga pagmimisyon, ang tanging alam n'yo lang ay kaisipan na may diyablo. Kung titingin kayo nang maigi rito sa ilang mga tao rito na naglalakad sa mga lansangan, makikita n'yo siya. Anupa't may diyablo talaga! Tunay nga.

78 At sinasamba ng mga tao ang diyablo, nang wala silang kamalay-malay kung ano ang ginagawa nila. Sinasamba nila ang diyablo sa loob ng mga simbahan, "Itinuturo bilang Pinakaaral ang mga utos ng tao, mga kredo—mga kredo at tradisyon." At sabi ko. . .

79 Sumigaw sa akin ang isang babae, at ang sabi, "Sinasabi nila sa akin na isa ka raw mangangaral."

Sabi ko, "Ako nga."

80 Sabi niya, "Kung ganoon kung di mo. . ." Sabi, "Anong tingin mo tungkol dito?"

Sabi ko, "Ang diyablo 'yan."

81 Tapos sabi niya, "Buweno, kung ganoon, kung may taglay kang lubos na kapangyarihan, pabagsakin mo nga ito."

82 Sabi ko, "Wala akong anumang kapangyarihan, kahit kaunti. Wala akong kapangyarihan pero narito ako na kumakatawan sa Isa."

83 Sabi ko, "Panginoong Jesus, sinabi Mo, sa ika-16 na kabanata ng San Marcos, 'Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo.'" Sabi ko, "Ngayon, upang makilala ng Iyong lingkod, yamang may pakikibaka sa aking harapan!"

84 Sabi ko, "Inuutusan ko ang mesang 'yan na bumagsak, sa pangalan ng 'banal na Iglesya,'" at nanatili lang 'yun doon. Sabi ko, "Inuutusan ko ang mesang 'yan na bumagsak, sa pangalan ng 'Ama, Anak, at Espiritu Santo,'" nanatili lang doon. Sabi ko, "Inuutusan ko ang mesang 'yan na bumagsak, sa Pangalan ni 'Jesus Cristo,'" at halos mabali ang buong apat na paa, sa pagbasak nun sa sahig!

85 "Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo!" Yan ang Pangalan ng Ama. Inilagay Niya ang Kanyang Pangalan kay Jesus Cristo. At sa Kanya Siya'y nakikipagtagpo, para sa pagsamba. Sa Kanya Siya'y nakikipagtagpo, para magpalayas ng mga diyablo. Sa Kanya Siya'y nakikipagtagpo, para pagalingin ang mga maysakit. Sa Kanya Siya'y nakikipagtagpo, para magligtas. Sa Kanya Siya'y nakikipagtagpo para magligtas, magpuspos ng Espiritu Santo. Yun ang tanging dako ng Diyos para makatagpo ang mga tao para sa pagsamba. Ngayon nalaman natin na sinabi rin ni Jesus na... Ang salita, ang Pangalang *Jesus*, ang ibig sabihin ay "Jehovah-na-Tagapagligtas," si Jehovah na Tagapagligtas.

86 Alalahanin n'yo, "Huwag kang sasamba sa Panginoon..." 5, talata 5, "Huwag kang sasamba sa Panginoon sa alinmang pintuang-daan, na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos. Sa alinmang pintuan, hindi ka sasamba sa Kanya roon," sinabi ng Diyos sa ika-5 talata rito, ng Deuteronomio 16. "Huwag kang sasamba sa Kanya sa alinmang pintuan, na ibibigay sa iyo ng Panginoong Diyos. Ibinibigay Niya sa inyo ang mga bagay na ito bilang mga tukso." Dadako tayo riyan, ngayong sanlinggo rin, loobin ng Panginoon, titingnan natin kung binabawi ba ng Diyos ang Kanyang Salita, o hindi. Pansinin, ibinigay Niya sa inyo ang mga pintuang 'yan, pero huwag n'yong sasambahin ang Panginoon sa alinman sa mga pintuang 'yan, dahil hindi makikipagtagpo ang Panginoon ninyong Diyos sa inyo roon.

87 Pero ang Panginoong Diyos ang pumili ng pintuang-daan. Pumili Siya ng pintuan. Sinabi ni Jesus, sa ika-10 kabanata ng San Juan, "Ako ang pintuan ng kulungan ng mga tupa. Ako ang pintuan na 'yun." Siya ang Jehovah-na-Tagapagligtas.

88 Ngayon ay maaari tayong magpatuloy rito nang maraming oras, sa pagpapaliwanag nito. Pero nakakasigurado ako na nauunawaan n'yo ito, sa pamamagitan ng kilos n'yo, na kayo'y—kayo'y tumutugon sa Katotohanan at sa Salita. Kaya hindi na tayo lalayo pa, maaari n'yo itong dalhin saan n'yo man gusto. Kahit saan kayo dumako, kung ito mismo ang Katotohanan, babalik at babalik ito na nakalinya kalakip ang iba pang Salita. Hindi n'yo magagawa na pasabihin ang Biblia ng isang bagay sa isang dako, at iba naman sa ibang dako, na salungat sa una Niyang sinabi. Kailangan pareho ito sa tuwina.

89 Nilaktawan ko na ang maraming Kasulatan na nakalista rito ukol dito, dahil nakikita ko na atrasado na sa oras. At ang ating kapatid na babae at ang iba pa'y magkakarooon ng gawain dito mamayang gabi, at gusto nating ipanalangin ang mga maysakit. Kaya naman, sige't alamin mo, Billy, kung mayroon silang mga prayer card.

90 [May nagsasabi, "Walang gawain mamayang gabi."—Pat.] Walang gawain. Mabuti. Mabuti, mabuti. Sige. Ngayon dakuan na natin ito. Sige. Sige. [Pumapalakpak ang kongregasyon.] Nagtitiwala tayo na pagpapalain ng Panginoon ang ginang na ito dahil rito, na pinayagan tayong magamit ang lugar na ito, ibinibigay ang oras na ito sa atin.

91 Napakaraming di-mapasusubaliang patunay na si Jesus ang dakong 'yun. Siya ang pintuan, Siya ang Pangalan, at nag-iisang daan na laan ng Diyos para makatagpo ang tao sa pagsamba. Siya ang Daan, ang Katotohanan, ang Buhay; ang Pintuang-Daan, ang Pintuan; ang Alpha, Omega, ang Simula at ang Wakas; Rosas ng Sharon, ang Liryo ng Libis, ang Tala sa Umaga; ang Alpha, Omega. Siya ang lahat, ang buong bagay na pinaglakip-lakip. Siya ay kapwa Ugat at Supling ni David, ang Maningning at Tala sa Umaga. Sa Kanya'y nananahan ang kapuspusan ng pagka-Diyos, sa katawan, kung saan tayo roon ay mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, sa pagka-Diyos ng Diyos. Oo. Bilang mga anak na lalaki't mga anak na babae, tayo'y nasa pamilya, kung kayo'y naroon.

92 Ngayon papaano tayo makakapasok dito sa dakilang dako para sumamba? Yun ang kasunod na tanong. Papaano tayo makakapasok sa dakong ito, kung si Jesus ang dako? Siya ang Pangalan ng Diyos. Siya ang dakong sambahan ng Diyos. At Siya ang tanging pintuan sa kulungan ng tupa. At gusto nating malaman kung papaano tayo makakapasok sa Kanya kung ganoon.

93 Ngayon, kung nasa pintuan kayo, hayan nga, papasok kayo na tulad ng kapamilya, tulad sa pinag-uusapan natin noong nakaraang araw, 'yung. . .o noong agahan, tungkol sa maliit na tupa, na hindi isasara ng Diyos ang pintuan hanggang sa matagpuan Niya ang huling munting tupa na 'yun at maipasok

siya. Kung nakapasok na kayo, hayan nga na nagiging kapamilya kayo. Pamilya kayo ng Diyos kapag nakapasok na kayo sa Diyos. Pero hindi kayo maaaring maging pamilya ng Diyos at maging Presbyterian, Methodist, Baptist, at Pentecostal. Hindi n'yo magagawa. Kailangan n'yong pumasok kay Jesus Cristo.

94 "Buweno," sasabihin n'yo, "ginawa na namin." Tingnan natin kung ginawa n'yo na nga.

95 Alamin natin ngayon kung ano ang sinasabi ng Biblia. Masusumpungan natin, sa Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-12 kabanata, sinabi ng Biblia, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat papasok sa isang Katawan." Binautismuhan tayo tungo sa Katawan ni Cristo, sa pamamagitan ng isang Espiritu Santo. Hindi tayo pumasok dahil sa pakikipagkamay, hindi tayo pumasok dahil sa pakikisapi, hindi tayo pumasok dahil sa bautismo sa tubig. Binautismuhan tayo ng Espiritu Santo, papasok sa Katawan ni Jesus Cristo.

96 Gaano ba 'yun magtatagal kapag nakapasok na kayo Roon? Hanggang sa makapagpakita ka ba ng maling pag-uugali? Sinasabi ng Mga Taga-Efeso 4:30, "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa pamamagitan nito ay kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong pagkatubos." Sa Kanya kayo mangatwiran, huwag sa akin. Yan nga mismo ang sinasabi Nito. Binabasa ko lang Ito. Buweno. "Kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong pagkatubos," hanggang sa araw na dumating si Jesus para sa inyo.

97 Kung ganoon, pag-isipan n'yo, hindi na kayo sa ganang sarili n'yo, kayo'y bago nang nilalang, o ang ibig sabihin sa Griyego nun ay "isang bagong nilikha." Kayo'y mga muling nilikha. Dumating ang kapangyarihan ng Diyos sa inyo, at kayo'y nilikha, isang bago nang nilalang; na dinadala ang buo n'yong pisikal na pagkatao, espirituwal na pagkatao, at lahat-lahat, sa ilalim ng Salita ng Diyos. Wala nang ibang paraan!

98 Papaano n'yo masasabi na isa na kayong Cristiano, at pagkatapos sumusuway naman sa Kanyang Salita sa isang bagay? Sinuman ang sumuway sa kautusan sa isang—isang bahagi Nito, ay nagkasala sa kabuoan Nito. Sinuman! Sinabi ni Jesus, "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos." Hindi lamang bahagi ng Mga Salita; bawat Salita! Kaya naman sinabi Niya sa ika-22 kabanata ng Apocalipsis, "Sinuman ang mag-alis ng isang Salita sa Aklat na ito, o magdagdag ng isang salita Rito, ang kanyang—kanyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay." Hindi tayo dapat na mag-alis mula sa Biblia, o magdagdag Dito. Sabihin n'yo lamang kung ano ang sinasabi Nito.

99 At sa Unang Mga Taga-Corinto 12, ang sabi Nito, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan."

100 Ngayon matapos na makapasok kayo sa Katawang ito, sabi ng Mga Taga-Roma 8:1, "Ngayon nga'y wala nang kahatulan sa mga nakay Cristo Jesus, na hindi na lumalakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu." Hayan ang dako kung saan walang kahatulan. Pumupunta man kayo sa simbahang Methodist, Baptist, Presbyterian, saan man; kung kayo'y nakay Cristo, isa na kayong bagong nilalang, at wala nang kahatulan sa inyo, wala na kahit saan. Yun ang dakong tagpuan ng Diyos. Doon nakikipagtagpo ang Diyos sa mananamba. Doon ka ibinibilang bilang isang bagong nilalang, dahil patay na sila sa mga bagay ng sanlibutan. Sila'y buhay na sa Kanya. Ang buhay na Presensya ng Diyos ay kasama nila, araw-araw.

101 Nabubuhay Siya sa kanila, sa bawat kapanahunan. Bawat kapanahunan na dumarating, sa buong Biblia, kapag nakakaabot ang tao sa hinihingi ng Diyos, tumutungo sa dako kung saan inilaan ng Diyos para sa panahong 'yun ang Kanyang nasusulat na Salita, ginagawa ng Diyos ang tao na 'yun na maging isang bagong nilalang, at wala na siyang kahatulan. Tingnan n'yo si Job.

102 Nabibingi ko ba kayo, sa paraan ng pagsasalita ko sa mga mikroponong ito? Pasensya na po. Alam kong may alingawngaw. Naririnig ko rito, mismo.

103 Pero, tingnan n'yo. Si Job, kahit gaanong karaming tao ang nagtangka na kondenahin siya, marami man ang nagsasabing mali siya, tinutupad niya ang utos ng Diyos, sa pamamagitan ng sinunog na hain na 'yun. Alam niyang siya'y inaring-ganap, dahil tinutupad niya ang mga utos ng Diyos. Sa ganoon siya inaring-ganap, dahil ginagawa niya ang mga bagay na nais ng Diyos na gawin niya.

104 Nililiwanagan ng buhay na Presensya ng Diyos ang panahon, araw-araw, mula sa kamatayan ng mga kredo, at patungo sa Buhay at patungo sa napapanahong Salita. Ngayon, may mga bagay na ginagawa ang Diyos.

105 Katulad ng isang—isang munting bulaklak, gaya ng nabanggit ko noong isang araw sa agahan. Kapag tumutulak tungo sa liwanag ang binhi, nagsisimula itong tumubo. Umiinom ito mula sa bukal ng Diyos, patuloy na tumutulak paitaas hanggang sa makarating ito sa pagiging usbong, dumarating sa pamumulaklak, patungo sa kasibulan mismo.

106 Ngayon nalaman natin, noong nagsisimula tayo kay Cristo, parehong paraan ang paglago natin, dahil lumalago tayo sa biyaya at saway ng Diyos.

107 Ang tanging inilaang plano ng Diyos, para sa anumang kapanahunan, ay ang Kanyang Salita. Dumating ang Kanyang Anak at inihayag ang bawat pangako na ipinangako para sa Kanyang kapanahunan. Lahat ng mga propeta'y dumating nang eksakto sa panahon, sila'y ang Salita ng Diyos na nabuhay sa

lupa. Sila ang Salita. Sinabi ni Jesus na sila'y "mga diyos." Tinawag ni Jesus ang mga propetang 'yun na, "mga diyos."

108 May nakipagkita sa akin na isang lalaki noong huling pagtitipon ko, sabi niya, "Isa kang mahinang teologo."

109 Tapos sabi ko, "Hindi naman ako nag-aangkin na isang teologo." Sabi ko, "Hindi dumarating ang Salita sa isang teologo; teolohiya ang dumarating." Dumarating ang Salita . . . Kita n'yo? Sabi ko, "Teolohiya lang ang dumarating sa isang teologo. Pero," sabi ko, "iba ang pinag-uusapan natin."

110 Ngayon nalaman natin na, sa bawat kapanahunan, kapag sinabi ng Diyos na may isang partikular na bagay na mangyayari, hetong dumarating ang tao na 'yun at inihahayag 'yun, hetong dumarating ang mga tao na 'yun at ipinamumuhay 'yun. Yun ang Diyos Mismo na nabubuhay sa mga tao, dahil 'yun ay tugon sa Kanyang Salita.

111 Ngayon, ang tanging inilaan na pamamaraan at ang tanging inilaan na plano ng Diyos, sa panahong ito, ay ang Kanyang Anak, sa pamamagitan ng Kanyang Salita para sa kapanahunang ito, na binigyang-buhay ng Espiritu ng Kanyang Buhay, binigyang-buhay.

112 Ngayon may mahuhusay tayong eskuwelahan ng teolohiya. At maraming beses kapag ginagawa natin 'yun . . . Wala namang anumang laban dito, tunay ngang wala. Pero, nakita n'yo, kapag mayroon kayong eskuwelahan ng teolohiya . . .

113 Sinabi ni Jesus, sa San Juan 4, "Dumarating ang oras, at ngayon na nga, na ang Diyos, bilang isang Espiritu, ay sasambahin sa Espiritu at Katotohanan." Ngayon may mga tao na may Espiritu, pero walang Katotohanan. May iba naman na may Katotohanan, pero walang Espiritu.

114 Kaya para itong kung may malaking kotse tayo, papunta tayo kunwari sa isang dako sakay sa isang Cadillac. Tapos 'yung dalawang Cadillac ay ginawang magkatulad, tapos dadalhin natin 'yung mga 'yun dito at tayo'y . . . 'yung mga tangke, haya't pupunuin natin pareho ng gasolina. Tapos sisimulan mo nang paandarin 'yung makina nung isa. Buweno, mapapatingin ka, sasabihin mo, "Maayos naman ang upuan. Maganda ang manibela, may mga diyamante pa. At malambot ang upuan, masarap maupo. Oh, kung uupo ka'y baka makatulog ka." At, oh, maraming iba pa ang puwede mong gawin, sa bawat isa dun, pero, kita n'yo, ang isa sa mga 'yun . . . Kapwa sila may tamang mekanika, pero ang isa sa mga ito'y may dinamika. Nakita n'yo, maaaring alam mo ang mekanika, pero kailangan ng dinamika para mapaandar ang mekanika, para mapagana ang mga ito.

115 At ganyan na ganyan ang nangyayari sa iglesya sa panahong ito. Puno tayo ng teolohiya, pero wala namang anumang dinamika rito. Siyanga. Kita n'yo?

116 Sa madaling salita, kailangan n'yo ng spark dun sa gasolina, o 'yung gasolina'y walang pakinabang. . . Mas may pakinabang pa ang tubig, hangga't wala itong spark para pasiklabin ito. Kaya, 'yan ang paraan.

117 Kahit gaano pa tayong naturuan nang husto, gaano pang kainam tayong naniniwala, at gaano mang karami sa Biblia ang sinasabi nating totoo, at naniniwala man tayong totoo ang lahat ng ito, dapat na naroon mismo 'yung—'yung dinamika, 'yung spark, para sumiklab ang Salitang 'yun, para ibunsod ito na umandar. Kinakailangan na mayroon nun. Kung wala kayong ganoon, mananatiling walang pagkilos ang iglesya, mananatiling nakahinto ang kotse, mananatili kang nakatigil lang. Pero kahit gaano mo man sabihin, "Nauunawaan ko. Pinaniniwalaan ko ang bawat Salita Nito." Kinakailangan mo ngang magkaroon ng isang bagay para pagsimulan ng spark nun, para pasiklabin 'yang sandaang octane na 'yan, at pagkatapos ang malaking Iglesya ng Diyos ay magsisimula nang umusad. Kailangan magkasama ang dinamika sa mekanika. Walang problema sa mekanika, kulang lang sa dinamika.

118 At sa tingin ko 'yan ang problema sa iglesya sa panahon ngayon, kulang tayo sa kapangyarihang dinamika, para pausarin ang Salitang ito at gawin Itong buhay para sa panahong ito.

119 May mekanika at dinamika si Martin Luther, noong panahon niya. May ganoon din si John Wesley, noong panahon niya. May ganoon ang Pentecostal, noong panahon nila.

120 Paano naman ang panahon natin? Ibang panahon na ito! Dapat ganap nang malago ang Iglesya ngayon, handa nang sumalubong kay Cristo, na may pagpapakita ng bawat pagpapalang ipinangako Niya sa Biblia, na kumikilos sa isang malaking Katawan na 'yun kung saan ipinangako Niyang makikipagtapo Siya sa mga tao at sasambahin, sa dakila Niyang Iglesya na ito.

121 Pero, kita n'yo, ipinapadala natin ang ating mga anak sa eskuwelahan, natututo tayo ng pagbasa, pagsulat, aritmetika, buong kasaysayan ng mga propeta't lahat ng bagay. Ayos naman 'yun, pero maliban na may taglay kayong isang bagay sa likod nun!

122 "Oh," sinasabi mo, "buweno, ako'y—ako'y nakasisigaw. Nakakapagsalita ako ng mga wika." Mainam 'yan. Naniniwala rin ako riyan, siyanga. Pero hindi 'yan mismo ang tinutukoy ko. Kita n'yo, kayo'y—kayo'y. . . kakarag-karag n'yan. Sasabihin n'yo, "Plank-plank, boomp-boomp," na parang isang lumang kotse na nahihirapang mag-start. Sasabihin n'yo, "Oo, naniniwala ako *rito*. Naniniwala ako *roon*, din. Pero, pero pagdating na *rito*, sa mga panahong 'yan, oh, hindi. Hindi!"

123 Siya'y sandaang octane, kapatid, na may tamang uri ng makina sa likod nito, pasisiklabin nito ang bawat Salita ng Diyos tungo sa katuparan ng pangako Nito. Siyanga.

124 Yan ang problema sa atin ngayon, halos tumirik tayo. Gusto nating paniwalaan 'yung *ganito*, paniwalaan 'yung *ganoon*.

125 May sasabihin ako, tungkol Dito. "Buweno, hindi ko alam." Buweno, ang Biblia na mismo ang nagsasabi! Tapos na ang usapan. Kung Diyos na mismo ang may sabi, nariyan ito para matupad. Kung tayo...Kung 'yan ang sinabi ng Diyos na gawin, kinakailangan nating gawin 'yun. Manatili lang doon hanggang sa pasiklabin ito ng Diyos, at walang paligoy-ligoy na magsisimula ka na muling umandar doon, kita n'yo. Kung hindi, puno ng dumi marahil ang mga plug. At kaya naman kailangan natin ng isang bagay na iba, kailangan natin ng isang bagay para tayo'y pasiklabin.

126 Pagkatapos pansinin n'yo, hindi lamang Siya pumapasok sa pamamagitan ng Espiritu Santo, kalakip ang pagkatuto sa Kanyang Salita, haya't inihahayag Niya ang Salitang 'yun. Ngayon alalahanin n'yo, sinasampalatayanan ng mga propeta ang Salita. Tinatanggap nila ang Salita ng Diyos. At ang Diyos ang Espiritu Santo'y pumasok sa kanila at pinasiklab ang pangakong 'yun, at pinangyari ito. Oh, grabe! Sinong makahahatol dun?

127 Sinabi ni Jesus, "Sinong makahahatol sa Akin ng kasalanan? Ang *kasalanan* ay 'kawalan ng pananampalataya.' Anuman ang isinulat ng Diyos at anuman ang sinabi ng mga propeta, Ako ang Sagot. Kung ano ang mga sinabi nila na gagawin Ko, ay ginagawa Ko." Dumating Siya bilang isang propeta, ang Anak ng tao. Ganoon Siya mismo, at ganoon ang pinatunayan Niya. Ganoon Siya. Bakit? Naroon ang dinamika para pasiklabin ang mekanika. Siya ang mekanika, ang Anak Mismo, at ang Ama ang dinamika. "Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa, ang Aking Ama na nananahan sa Akin. Pinasisiklab Niya ang—ang—ang dinamika at pinagagana ang bagay. Isinasakatuparan Niya ito."

128 "Kailan ko sinabi ang kahit ano na..." Gaya ng sinabi ni Samuel minsan sa mga tao, "May sinabi ba ako sa inyo na anuman, sa Pangalan ng Panginoon, na hindi natupad?" Kita n'yo? "Kailan ako nagsabi ng ganito, at kailan 'yun hindi nangyaring matupad?"

129 "Oh, ikaw, natutupad naman ang kung anong bagay na sinasabi mo sa amin, pero gusto namin ng hari ano't anuman."

130 Ganyan ang kalagayan sa panahong ito. Ang hilig kumapit ng mga tao sa kanilang maliliit na ideya. Ang hilig nilang kumapit sa kanilang mga kredo. Ang hilig nilang kumapit dito. Pagkatapos pag-uusapan ang tungkol sa pagkakaroon ng rebaybal sa panahon natin, haya't papaano tayo magkakaroon ng rebaybal kung ganito kagulo ang lahat? Hinaluan ng tubig

ang gasolina't lahat na ng kung anu-anong halo, lahat na ng uri ng detergent at lahat na ng modernistikong bagay na inihalo rito.

131 Naglalakad ako sa kalsada isang araw, at ang sabi dun, parang isang uri ng modernong detergent, ang sabi, "Hindi mo na kailangang kuskusin ang mga hugasin, ang kailangan mo lang gawin ay ibabad 'yun doon at tapos hanguin sa pagkakababad."

132 Sa isip-isip ko, "Magiging bayani ako nito sa bahay ko." Pumunta ako at bumili ng isang kahon nun.

133 At sabi ko sa maybahay ko, "Pumasok ka na, honey, hayaan mong ako na ang bahalang maghugas ng mga hugasin."

134 Sa isip-isip ko, "Aba, alam talaga ng mga taong 'yun ang pinagsasasabi nila, mga siyentipiko sila. Ipapakita ko sa maybahay ko kung paano ito. Ako'y, ang maybahay ko... hanggang sa malaman niya ito, itong ginagawa ko. Basta ibabad lang at hanguin, 'yun lang daw ang kailangan gawin."

135 Kumain na ng itlog ang mga bata para sa almusal. At ibinuhos ko ang detergent na 'yun dun, at ibinabad ang hugasin, hinango ang hugasin, tapos ibinabad tapos hinango. May tirang itlog pa rin. Siyanga, po. Kaya hindi na ako maniniwala sa kahit anong maririnig ko sa telebisyon, kailanman. Hindi, na. Hindi, hindi. Hindi na, talaga.

136 Yan ang dahilan kung bakit hindi ako naniniwala na may anumang gawang-tao na sistema na makatatayo. May isang inilaan na daan lamang ang Diyos. Hindi ito Methodist, Baptist, Presbyterian; kundi ito'y si Jesus Cristo, sa pamamagitan ng bagong Kapanganakan, pagsampalataya sa Biblia na 'yun. Yan ang inilaang daan ng Diyos, at ang tanging daan na mayroon Siya, ay kay Jesus Cristo, na Kanyang Anak. At, sa Kanyang Anak, inilagay Niya ang Kanyang Pangalan. Ang Kanyang, Pangalan ng Diyos ay Jesus, dahil pumarito Siya sa Pangalan ng Kanyang Ama. At kaya 'yun mismo ang Pangalan ng Diyos, dahil Siya ay Diyos.

137 Ngayon pansinin n'yo, kapag itong dakilang nagpapakilos na kapangyarihan ng Diyos ay pumasok sa isang anak ng Diyos, binibigyang-buhay siya nito, pumapasok ang Espiritu ng Buhay sa kanya. Pagkatapos anong ibubunsod nito? Pinapaupo sila Nito sa Makalangit na mga dako, ngayon mismo. Hindi sila "iuupo pa lang." Nakaupo na tayo ngayon. Ngayon binuhay na tayo nang mag-uli, ang dinamika at mekanika ay nagsisimula nang trumabaho, binibigyang-buhay tayo, at binigyang-buhay tayo tungo sa Presensya ng Diyos, kung saan naroon ang Kanyang Espiritu. At nakaupo na tayo ngayong magkakasama sa Makalangit na mga dako, kay Cristo Jesus; kay Cristo Jesus, nakaupo na roon, sa dakilang upuan na 'yun ng... na pinasiklab na, ibinangon na mula sa mga patay. Bahagi tayo nito. Kung kayo'y bahagi ng Nobya, kayo nga, dahil ang Nobya'y bahagi ng Nobyo, alam n'yo. Kaya nalaman natin na pareho mismo ito,

at gagawin Niya nang eksakto kung ano ang inihula na gagawin Niya sa panahong ito. Hindi Siya magiging isang Laodicea, hindi magiging sala-sa-init sala-sa-lamig. Kundi Siya'y mag-aalab para sa Diyos, Siya'y kikilos at uusad sa Espiritu ng Diyos.

138 Ngayon tinitingnan natin dito ngayon para malaman. Ngayon ating, sa oras na ito ngayon na kumikilos ito, na tumatama ito sa atin; at, mangyari nga na noon, tayo dati'y mga patay sa kasalanan at mga pagsalangsang, o mga pagsalangsang, pala, Kanyang...binuhay tayong magkakasama sa Kanyang Salita ng kapanahunang ito.

139 Ngayon bulayin natin 'yung noong mga unang panahon, 'yung tungkol sa isang tao na binigyang-buhay sa pamamagitan ng Salitang ito; bago lamang tayo dumako sa gawain ng pananalangin para sa mga maysakit. Kunin natin ang ilang mga tauhan, pagmasdan n'yo ang kanilang katangian.

140 Kunin natin dito ang isang lalaki na tumupad sa buong Salita ng Diyos, dito sa Lumang Tipan, na ang pangalan ay Enoc. Labis siyang binigyang-buhay ng Salita ng Diyos, na nagkamit siya ng isang patotoo, na, "Nalugod Niya ang Diyos." Wala ni isa mang bagay na iniutos ang Diyos kay Enoc na gawin na hindi niya ginawa.

141 Iniisip ko kung gaano kayang karaming Enoc ang narito ngayong hapon, na, alam n'yo kaya kung ito'y nasa Salita ng Diyos? Ilan sa inyo na mga kababaihang putol ang buhok ang matatawag ang inyong sarili na isang Enoc, kita n'yo, kita n'yo, at alam n'yo na kinokondena 'yan ng Diyos? Ilan sa inyo na mga kalalakihan, ang hinahayaan sila na mga kababaihan na gawin 'yun, na matatawag n'yo ang sarili n'yo na isang Enoc? Oh, naku! Isang bagay pa lang 'yan, paano pa ang libo-libo? Tapos pinagtatakpan natin, sinasabi, "Kabilang ako sa *ganito,* at kabilang ako sa *ganoon.*" Maaaring kabilang ka sa ganyan, pero...maliban sa makadako ka sa inilaang dako ng Diyos! At hindi ka makakapasok doon maliban na maging bahagi ka ng Salitang 'yun. At, bilang bahagi Nito, ikaw ay magiging buong-buong Ito, nakapasakop sa kabuoan. Pansinin n'yo, mayroon tayo rito na tinatawag ng Biblia na "ang Salita ng Diyos," at, 'yun nga'y, ang Salita ng Diyos mismo.

142 Ngayon nalaman natin na dumaan si Enoc sa inilaang daan ng Diyos, sa Kanyang Salita, at lumakad nang limang-daang taon, at nalugod ang Diyos. At nalaman natin na ang mekanika ay perpektong-perpekto sa kanya, na noong gumana ang dinamika sa makina, basta kinuha na lang siya Nito mula sa lupa. Sumakay siya sa unang paglipad ng eroplano, tila ba, papuntang Langit. Gumagawa ang mekanika at dinamika ng Diyos, nang magkalakip, "umalis na siya," dahil kinuha siya ng Diyos mula sa lupa, nang hindi namamatay. Ganoon na nga 'yun mismo. Lumalakad siya sa inilaang daan ng Diyos.

143 Ganoon din ang nalaman natin tungkol kay Elias. Binubulyawan ng matandang Elias ang sandamakmak na mga Jezebel na nakapinta ang mukha, at mga putol na buhok, at iba pa, na talamak noong panahong 'yun, haya't ginugol ng matandang 'yun ang buhay niya para lamang sa pagkondena sa kasalanang nasa gitna ng mga kababaihan, dahil mayroon silang isang babae, si Jezebel, na naroon na tagatakda ng pamantayan.

144 Mistula ngang katulad ng mayroon ang inyong Hollywood dito, at nai-engganyo dito ang lahat ng mga kapatid na babae. At, buhay na buhay pa rin ang Jezebel, subukan mong tumingin lang sa paligid at makikita mong buhay na buhay nga siya. At matindi pa rin ang kapangyarihan niya, siyanga.

145 Ngayon nalaman natin, 'yung matandang lalaki yamang isa siyang propeta, sinumpa niya ang bagay na 'yun at lahat mismo, nanatiling ganap sa kalooban ng Diyos. Noong manlupaypay ang iba pang mga mangangaral, nanatili siya roon mismo kalakip Nito.

146 At isang araw napagod na siya nang lubos, kaya, nagpadala ang Diyos ng isang karwahe mula sa Langit, at mga kabayong apoy, at kinuha na siya paitaas. Puspos na puspos siya ng kapangyarihan na nagbibigay-buhay! Bulayin n'yo mismo, taglay-taglay ang Salita ng Diyos sa puso niya, labis siyang napuspos nung kapangyarihang nagbibigay-buhay na 'yun na bumuhay sa kanya!

147 "Kung ang Espiritu ng Diyos, na Siya. . . " Sa palagay ko matatagpuan natin 'yun sa Mga Taga-Roma, 11, o, 1:11, "Kung," ang sabi dun, "Kung ang Espiritu. . . " O, Mga Taga-Roma 8:11, dun po pala, "Kung ang Espiritu na bumuhay na mag-uli kay Jesus mula sa mga patay ay nasa inyo, Ito'y magbibigay-buhay rin sa inyong mga katawang may kamatayan. Kung ang Espiritu na bumuhay na mag-uli kay Jesus mula sa mga patay, kung— kung Ito'y nasa inyo, Ito'y magbibigay-buhay naman sa inyong katawang may kamatayan."

148 Bibigyang-buhay ito! Ano ba ang ibig sabihin ng *pagbibigay-buhay*? Sa salitang Griyego ang ibig sabihin ay, "ibalik sa buhay pagkatapos mamatay." Hallelujah. Hayan ang pintuang-daan ng pagsamba. Sumasamba sa Espiritu at sa Katotohanan, mekanika at dinamika, na magkalakip. Nakikita n'yo po ba ang ibig kong sabihin?

149 "Kung ang Espiritu na nagbangon kay Jesus mula sa mga patay ay nananahan sa inyo, Ito'y magbibigay-buhay, bubuhayin ang inyong mga katawang may kamatayan, dahil Ito'y Buhay mismo." At kapag pumasok Ito sa inyong katawan, ibinubunsod Nito ang buong katawan na nakapasakop Dito. Nakapasakop sa ano? Sa Salita ng Diyos. "Kung nasa inyo ito."

150 Ngayon kung isang bagay ito na pumasok sa inyo, tapos sasabihin sa inyo, “Buweno, sa mga araw na lumipas na ’yan. At hindi totoo ang Marcos 16, at ’yang Pentecostal na ideyang ’yan ng bautismo ng Espiritu Santo.” Hindi ’yan ang Espiritu ng Diyos na pumasok sa inyo. Wala akong pakialam kung gaano man kayong kahusay na pinagsanay, kayo, hindi ’yan ang Espiritu ng Diyos. Sasabihin n’yo, “Buweno, kabilang ang nanay ko *rito*, at ang tatay ko, sa haba ng mga taon, at maging ang kapatid ko.” Anuman ang gusto n’yong sabihin tungkol sa mga kamag-anak n’yo, at iba pa, maaaring mainam ’yun sa kanila; pero hindi para sa inyo, kita n’yo, ang kailangan n’yo sa panahong ito ay pumasok kay Cristo Jesus, para sa kapanahunang ito at sa pangakong inilaan para sa kapanahunang ito.

151 Pansinin, nalaman natin na tumama kay Enoc itong dakilang kapangyarihan na nagbibigay-buhay, binigyang-buhay siya nito at siya’y umuwi na sa Tahanan nang hindi namamatay.

152 Tumama ito kay Elias, binigyang-buhay siya hanggang sa umuwi na siya sa Tahanan nang hindi namamatay.

153 Nalaman natin na ang kahalili niya ay si Eliseo, na isang tipo roon ni Cristo at ng Iglesya, si Eliseo. Gumawa ng apat na himala si Elias, at gumawa naman ng walong himala si Eliseo. Taglay niya ang dobleng bisa, gaya ng ibinuhos sa Iglesya. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Minsan may patay na lalaki, na naihulog sa ibabaw ng kanyang mga buto, at nabuhay ang lalaki. Ang kapangyarihang ’yun na nagbibigay-buhay ay nasa kanya kahit nasa libingan na siya. Hindi n’yo . . .

154 Naroon ’yun sa tuwina, kapag natamo mo ’yung kapangyarihang nagbibigay-buhay na ’yun ng Diyos, na pagbibigay-buhay na nakalakip sa Kanya ngayon.

155 Ngayon alalahanin n’yo, kay Cristo, tayo’y laman ng Kanyang laman, buto ng Kanyang mga buto. Noong sinugatan ng Diyos si Cristo roon sa Kalbaryo, nasugatan Siya para sa akin at para sa inyo. Tayo’y laman ng Kanyang laman, at buto ng Kanyang buto, katawan ng Kanyang katawan, Pangalan ng Kanyang Pangalan, Nobya Niya. Kita n’yo, tayo’y nasa Kanya, tayo’y Kanyang laman at Kanyang mga buto.

156 At binuhay na tayo ng Diyos, sa potensyal. Ang kapangyarihan na ’yun na nagbibigay-buhay na nagbangon sa atin mula sa isang buhay ng kasalanan, at binago ang ating pagkatao, potensyal na nitong ibinangon tayo kay Cristo Jesus, na, dadalhin tayo ng pagkabuhay na mag-uli tungo sa ganap na gulang.

157 Ngayon alalahanin n’yo, namatay tayo sa sarili nating pangalan, inilibing, at ibinangon sa Kanya. Kita n’yo, hindi na tayo sa ganang sarili natin. Mangyari nga, na ang dakilang Pangalan ni “Jesus Cristo” na binanggit ng Biblia rito sa Mga

Taga-Efeso 1:21, itong, "Kapwa sambahayan, sa Langit at sa lupa, ay pinangalanan ng Pangalan na 'yun." Doon inilagay ng Diyos ang Kanyang Pangalan. Yun ang Pangalan ng sambahayan sa Langit. Yun ang Pangalan ng sambahayan sa lupa.

158 At tayo'y nakay Jesus Cristo, sa pamamagitan ng espirituwal na bautismo, hindi sa pamamagitan ng tubig; sa Espiritu, binautismuhan tayo tungo sa isang Katawan, na si Cristo, ang dakong sambahan. Kaya naman, bilang naroon, tayo'y nasa ganitong kalagayan, para ba itong buod ng titulo.

159 Sasabihin n'yo, "Bumili ako ng kapirasong lupa." Hindi pa ito sa inyo hanggang sa kamit n'yo na ang buod. Pero kung kamit n'yo ang buod, ipinapakita mismo nito na ang lahat ng bagay na laban sa kapirasong lupa na 'yun ay binura na.

160 At kaya naman kapag naging isa na kayong Cristiano at tinanggap na si Cristo bilang Tagapagligtas n'yo, hayan nga, na kapag ipinadala ng Diyos ang buod, ipinapakita nito na kahit ano pa ang nagawa noon ng tatay n'yo, nagawa noon ng nanay n'yo, kahit ano pa ang nagawa ng sinupamang iba; ang nanay, tatay n'yo marahil ay mga lasenggo, patotot; anuman, bawat kasalanan ay binura na! Kamit n'yo na ang buod ng titulo. Walang makapag-aalis sa inyo mula roon. At, tingnan n'yo, lahat mismo ng nasa lupa na 'yun ay pagmamay-ari n'yo! Amen. At kung kayo'y nakay Cristo Jesus, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, ang bawat kaloob ng Diyos ay pagmamay-ari ng Iglesya. Amen. Isa itong buod ng titulo ng pagmamay-ari. Kayo, sa inyo ito, pagmamay-ari n'yo na ito. Binibigyang-buhay nito ang inyong katawang may kamatayan. Oh, grabe, kung bubulayin natin ito!

161 Tingnan naman natin 'yung mga tapat noong Pentecostes. Naroon silang lahat sa silid sa itaas doon, at lahat sila'y takot. Taglay nila, taglay nila ang—ang titulo, hayan nga, pero takot sila. "At biglang dumating mula sa Langit ang isang ugong," ipinadala ang buod sa kanila, "gaya ng isang humahagibis na hanging malakas, pinuno ang buong bahay kung saan sila nakaupo." At lubos silang binigyang-buhay Nun, hanggang sa ang lahat ng kanilang pagkaduwag na sa kanila'y. . .Haya't isa sa kanila'y natakot, na itinatwa pa nga niya na hindi pa siya isang Fariseo, o hindi pa siya isang Saduceo. Pero noong bumaba ang Espiritu Santo at binautismuhan siya kay Jesus Cristo, siya'y naging laman ng Kanyang laman, buto ng Kanyang buto, Salita ng Kanyang Salita. Isa na siyang bagong nilalang. Isa na siyang bagong tao. Binigyang-buhay nito ang kanyang katawan.

162 Tingnan n'yo ang ibinunsod Nito, kung ano ang ginagawa Nito sa inyo kapag Ito'y pumapasok. Hindi ka Nito papupuntahin sa labas at ang bukambibig mo'y, "Methodist ako. Baptist ako. Oh, alam kong di dapat ako manigarilyo. Wala dapat akong *ganito*. Hindi ko dapat isinusuot ang ganitong

klase ng damit. Hindi ko dapat gawin 'yung *ganito*. Hindi ko dapat gawin ang *ganoon*." Binibigyang-buhay ka Nito hanggang sa kailangang-kailangan mo mismong gawin ito. Binibigyang-buhay Nito ang katawan mong may kamatayan.

163 Tingnan n'yo, binigyang-buhay Nito ang kanilang katawan na may kamatayan, hanggang sa pumailanlang sila nang sobrang lapit sa Langit hanggang sa binigyang-buhay Nito ang kanilang katawan para magsalita sa isang wika na di pa nila naririnig kailanman. Binigyang-buhay Nito ang kanilang katawan, nagsalita sila sa bagong Makalangit na wika. Binigyang-buhay sila sa Presensya ng Diyos, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Binautismuhan sila ng nagbibigay-buhay na kapangyarihan ng Diyos patungo roon. Nasa dakong sambahan mismo sila noong panahon na 'yan. Naroon sila sa dako na maaari silang sumamba. Sanedrin man o kahit ano'y walang makaliligalig sa kanila, dahil binigyang-buhay na sila. Sila'y mga bagong tao na. Yan nga'y matapos nilang mabautismuhan.

164 Tingnan n'yo si munting Esteban. Pumasok siya sa inilaang daan ng Diyos, binigyang-buhay ng kapangyarihan ng Diyos; pumasok sa pintuang-daan, na inilaang daan ng Diyos. At maging noong sugurin nila siya para patayin, pagbabatuhin hanggang sa mamatay siya, ang sabi pa niya, "Nakikita ko ang Kalangitan na bukas, nakatayo si Jesus sa kanan ng Diyos." Yun ang nagbibigay-buhay na kapangyarihan. Binigyang-buhay siya patungo sa Kanyang kandungan.

165 Hayan din si Felipe, isa pa na puspos ng nagbibigay-buhay na kapangyarihan. Nasumpungan natin siya roon sa Samaria, na nagdadaos ng isang malaking rebaybal. Itong kamangha-manghang nagbibigay-buhay na kapangyarihan, matapos niyang mapakay Cristo na, nagtungo siya roon kung saan nakikinig sa kanya ang libo-libong tao. Tapos ang sabi ng Diyos, "Ngayon umalis ka rito, Felipe, gusto Kong pumunta ka sa disyertong ito, sa Gaza, rito. May tao Ako roon, na gusto Kong makilala mo." At walang tanong-tanong, wala maski isa, siya'y punung-puno mismo nung kapangyarihan na 'yun na nagbibigay-buhay. Siya'y nakay Cristo, nasa inilaang dako siya kung saan nagagawa siyang kausapin ng Diyos. Nakipag-usap ang Diyos sa kanya. Walang tanong-tanong.

166 May magsasabi, "Buweno, kinausap ako ng Diyos at sinabi sa akin na gagaling ako, pero, di ko alam, napakasama ng pakiramdam ko ngayon." Oh, naku! "Buweno, sinabi Niya sa akin na nasa akin ang Espiritu Santo, at kaso kung minsan talagang nag-aalinlangan ako ukol dito."

167 Kilalang-kilala mismo ni Felipe ang Tinig ng Diyos, dahil dumaan siya sa inilaang daan ng Diyos. Hindi Niya pinag-alinlanganan ang Diyos, tungkol sa, "Buweno, Diyos,

napakarami kong kailangan dito, kailangan kong tumayo. Kailangan kong makipagkita sa presbitero ng estado bago ko magawa ito. Kailangan kong pumunta't kausapin ang obispo," walang ganoon-ganoon. Ang Diyos ang nasa isip niya, haya't sa disyerto'y dali-dali siyang nagtungo!

168 Nasumpungan niya roon ang isang lalaki, isang bating, isang Etiopo, isang itim na lalaki na nagdaraan, na binabasa ang Kasulatan sa Isaias. At sabi niya, "Nauunawaan mo ba kung ano ang binabasa mo?"

Sabi, "Papaano ko mauunawaan maliban na may magturo sa akin?"

169 Sumampa si Felipe sa karwahe't nagsimulang makipag-usap sa lalaki tungkol sa Panginoon.

170 Sabi ng lalaki, "Narito ang tubig, ano pang makakahadlang para ako'y mabautismuhan?"

171 Sabi niya, "Kung sumasampalataya ka nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo't isip, lakas." Bumaba sila sa karwahe't binautismuhan ang lalaki.

172 At puspos na puspos si Felipe nung kapangyarihang 'yun na nagbibigay-buhay, hanggang sa, inagaw siya ng Diyos mula sa paningin nung lalaki. Isipin n'yo! Sa kanyang katawan na may kamatayan, ang pisikal niyang pagkatao'y inagaw, mula sa paningin nung bating. Naniniwala akong 'yan ay katotohanan. May kakayahan ang Diyos na dalhin siya sa ibang dako, kung saan Niya siya kailangan. Siya'y inagaw mismo.

173 Alam n'yo, hindi nga maaagaw ng kamatayan ang bagay na 'yan sa inyo, kapag kayo'y nakay Cristo na, nasa dako na ng Diyos.

174 Tingnan n'yo rito, taglay ito ni Moises. Isa siyang propeta na dinatnan ng Salita ng Panginoon. Gaano mang karaming . . . marami mang Core ang magsilitawan at magsabi, "Kailangan natin ng isang malaking organisasyon. Hayan ka na sinisikap mong kunin ang puwesto na ikaw lang ang nag-iisang banal na tao." Sabi ng Diyos, "Ihiwalay mo ang iyong sarili sa kanila, lalamunin Ko siya mismo." At ang mga Datan, at ang iba pa, hindi siya naligalig ng mga 'yun, nagpatuloy lang siya sa pag-usad.

175 At noong namatay si Moises at inilibing, ng mga Anghel, nanatili sa kanya ang kapangyarihang 'yun na nagbibigay-buhay. Dahil, pagkalipas ng walong-daang taon, heto siya na nasa pangakong lupain, kausap si Jesus. Nananatili pa rin sa kanya ang kapangyarihang 'yun na nagbibigay-buhay. Yun ang dakong sambahan ng Diyos.

176 "Ano 'yun? Papaano mo nalaman?" Isa siyang propeta. Dumarating ang Salita sa propeta. At siya ang nahayag na Salita ng Diyos para sa kapanahunan niya. Amen.

177 Kita n'yo, hindi ka na maaaring mamatay, tapos ka nang binigyang-buhay. Oh, kung makikita lang sana ng iglesya 'yan, na hindi ito sa magiging kung ano ka pa lang, haya't ganoon ka na! Ang diyablo lang 'yan na tinatangka kang nakawin mula roon.

178 "Buweno," may magsasabi, "ngayon sasabihin ko sa'yo. Kabilang ako sa *ganito*." Wala akong pakialam kung saan ka man kabilang.

179 Kinakailangan mong maipanganak, magpanibagong-buhay, mabautismuhan ng Espiritu Santo, papasok kay Jesus Cristo, mabigyang-buhay sa bawat Salita. Ang espiritu mo, sa loob mo, ay aayon nang may diin na "amen" sa bawat Salita ng Biblia. Kung may di pagsang-ayon, kung—kung iiling ito sa isa man, palayasin mo ang espiritung 'yan. Hindi Espiritu ng Diyos ang tumututol sa Salita ng Diyos. Tutuparin nito ang Salita ng Diyos. Hindi lang na sinasampalatayanan Nito Ito, kundi ibubunsod Nito Ito na ipamuhay. Inihahayag Nito ang Salita ng Diyos. Siyanga, po.

180 Pansinin n'yo rin sila na mga banal sa Lumang Tipan. Sa potensyal, sa ilalim ng lumang hain, naghihintay sila na dumating ang bagong ito, na may mabuting budhi sa Diyos. Sa Mateo 27, binababanggit sa atin dun, na noong nagbangon si Jesus at lumabas mula sa libingan. Na, katatapos lang nating igunita ilang linggo na ang nakaraan, ang Pasko ng Pagkabuhay. Sinabi ng Biblia na, "Marami sa mga banal na nangatutulog sa alabok ng lupa, ay nagsibangon sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli, at pumasok sa bayan at nagpakita sa marami." Ano sila? Sila ang kahayagan ng ipinangakong Salita ng Diyos. Ang tanging lugar na nakikipagtagpo ang Diyos, ay sa ilalim ng hain na 'yun.

181 Ngayon sa Unang Mga Taga-Tesalonica 4:16, ang sabi ng Biblia, din, na ang mga banal sa Bagong Tipan ay lalabas kasama Niya sa pagparito Niyang muli, sila na mga binigyang-buhay tungo sa Kanya ngayon. Papaano kayo makakapasok sa Kanya? Sa pamamagitan ng espirituwal na bautismo, sa kapangyarihan ng Diyos, ang dako na nakikipagtagpo Siya, kay Jesus. Ngayon si Jesus ang inilaang daan ng Diyos.

182 Ngayon pansinin n'yo, siguradong-sigurado si Jesus kung ano Siya! Alam Niyang Siya ang Anak ng Diyos. Alam Niyang ipinanganak Siya ng isang birhen. Alam Niya na ang bawat Kasulatan ay nahahayag Mismo sa Kanya. Alam na alam Niya ito, hanggang sa sinabi Niya sa kanila na mga tagapagtayo ng templo, noong araw na 'yun, sinabi Niya, "Gibain ninyo ang templong ito, at Aking itatayo ito sa loob ng tatlong araw." Isipin n'yo 'yun. "Gibain ninyo ito, at Aking itatayo ito sa loob ng tatlong araw." Bakit? Yun kasi'y Salitang nasusulat ukol sa Kanya.

183 Sinabi ni David, "Hindi Ko iiwan ang Aking Banal sa impyerno, hindi iiwan ang Kanyang kaluluwa sa impyerno, ni hindi Ko titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan."

184 Ngayon, alam ni Jesus na Siya 'yun. Walang alinlangan sa isip Niya. At alam Niya, na pitumpu't dalawang oras, mabubulok ang katawan, kaya haya't anumang oras sa loob ng pitumpu't dalawang oras na 'yun ay mabubuhay Siyang muli, kaya naman sinabi Niya, "Gibain ninyo ang templong ito, Aking itatayo itong muli sa loob ng tatlong araw." Bakit? Nasusulat ang Salitang 'yun ukol sa Kanya. Nasulat ito ukol sa Kanya, dahil Siya ang kahayagan ng Salita ng Diyos na nasusulat para sa panahong 'yun.

185 Buweno, marapat lang na mayroon talaga, hallelujah, marapat lang na mayroon talaga, kapatid, doon sa kung saan, na inihayag ng Diyos na Salita ng Diyos sa panahong ito. At ganoon mismo ito, dahil nagsalita Siya ukol sa panahong ito at sinabi Niya kung ano ang magaganap sa panahong ito. Sinabi na Niya sa atin. Alam na natin kung ano ang mangyayari. At kapag nakikita na natin na nahahayag ito sa inyo, kung ganoon kayo'y nasa Iglesya ng Diyos. Sa labas nun, kahit tawagin n'yo ang sarili n'yong, "Methodist, Baptist," o anupamang iba, haya't hindi 'yun uubra. May isa lang dakong tagpuan, 'yun ay kay Cristo Jesus. Oh, sa araw na ito, oh, hayan nga na gustung-gusto ko sa araw na ito na makita ito ng lahat, makita kung paano makapasok, mabautismuhan. Ang Nobya ay bahagi ng kanyang Asawang Lalaki. Ang Iglesya'y bahagi ng Salita, ang kahayagan.

186 Ngayon nasa anong iglesya kayo? Nasa isang denominasyon ba kayo? Kung kayo nga, mahigpit kong sinasabi mismo sa inyo, kayo'y nasa Laodicea. Pero kung nakay Cristo kayo, isa na kayong bagong nilalang, at kayo'y nasa Iglesya ng buhay na Diyos, na may kalakip na kahayagan ng mismong parehong mga bagay na ginawa Niya noon sa Kanyang panahon na manunumbalik dito sa panahong ito, na ginagawa ang parehong bagay na sinabi Niyang gagawin Nito. Kaya naman, 'yan ang tunay na Iglesya. Makakapasok kayo Rito sa pamamagitan ng espirituwal na bautismo, hindi sa pag-anib, hindi sa kung ano pa, kundi sa pamamagitan ng mabautismuhan sa Espiritu Santo tungo sa Kanyang Katawan. Buweno. Ito ang tanging inilaan na daan ng Diyos na iniwan Niya sa atin para gawin, ang mabautismuhan tungo sa Kanyang Katawan, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu.

187 Sinabi ni Jesus, sa San Juan 14:12, "Ang sumasampalataya, habang siya'y kalakip Ko!" Kaya hindi nakapagtataka na sinasabi ng mga tao na lipas na raw ang mga araw ng mga himala, hindi nakapagtataka na nasasabi nila ang mga ganoong bagay. "Ang sumasampalataya sa Akin, hindi naniniwala lang sa Akin, kundi sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Bakit? Ito'y

Kanyang Buhay kasi. Ito'y Kanyang dinamika sa Kanyang mekanika, na nasa inyo, na nagpapasiklab dito, pinapagana ito at ginagawa ang mga gawa na ipinangako nito na gagawin. O, ang buhay ko sa Kanya, ay binibigyang-buhay ako sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, para gawin ang Kanyang Salita, na siyang mekanika, na gumana sa pamamagitan ng Kanyang dinamika. Mga Hebreo 13:8, "Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman."

188 Ngayon sa ika-17 kabanata ng Marcos din, sa ika-30 talata, ng San Marcos. Pakinggan n'yo, patapos na. Ipinangako ni Jesus ang mga bagay na ito sa huling mga araw, na Siya'y "siya rin kahapon, at magpakailanman." Nangako Siya, sa Malakias 4, na Kanyang "ibabaling ang puso ng mga tao, sa mga huling araw, pabalik sa Pananampalataya ng mga magulang." Ipinangako Niya 'yun. Ipinangako Niya, napakaraming dako sa Biblia, ang mga bagay na gagawin Niya. "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, ngunit makikita ninyo Ako; Sasamahan Ko kayo, sasainyo sa tuwina, maging hanggang sa katapusan ng sanlibutan." At pansinin n'yo dun sa San Lucas, 17:30, "Kung paano sa mga araw ng Sodoma!"

189 Alam n'yo ba ang nangyari sa Sodoma? Tingnan n'yo ang California; hindi lang California, sa Estados Unidos; hindi lang ang Estados Unidos, kundi ang sanlibutan.

190 Tingnan n'yo itong kabaliwan ng mga kabataan! Hayan nga, na nagkaroon kami ng isang . . . nabanggit ko sa inyo noong isang araw, nagsasagawa sila ng pagsusuri dun sa mga paaralan sa Arizona kung saan ako nakatira, at walumpung porsiyento raw ng mga kabataan sa paaralan ay may kapansanan sa pag-iisip. Paano pa kaya ang mga magiging anak nila? Hindi na tayo maaaring magkaroon ng isa pang henerasyon. Nasa dulo na tayo. Sinabi ni Jesus na darating ang mga bagay na ito.

191 Masdan n'yo ang lahat ng mga telebisyon at mga bagay-bagay na nagpapalabas ng mga kathang-isip na bagay. Darating ang panahon, hinuhula ko, na ang mga tao'y magiging ganap, na tuluyan nang mababaliw, ganyan ang mangyayari sa sanlibutan. Binabanggit ng Biblia ang gayong mga kahindik-hindik na bagay gaya ng ipinapakita nila sa mga pelikula ngayon, tungkol sa kung anong mga itlog ng sinaunang nilalang na nabuhay sa lupa sa loob nang makalibo-libo't milyun-milyong taon, mapipisa ang mga 'yun at may lalabas . . . Maliit na bagay lang 'yan kung tutuusin, sa kung anong mangyayari kapag bumukas na ang impyerno't lumabas ang diyablo kasa-kasama ang lahat ng di-mawari niyang mga bagay, na mga babae . . . o balang na may buhok na parang sa kababaihan, at mga ngipin na parang sa mga leon. Aba, ang sanlibutan nga'y magiging ganap, na tuluyang mababaliw. Halos isang hakbang na lang tayo mula rito ngayon.

192 Oh, para sa kaluwalhatian ng Diyos, para sa Pagparito ng Panginoong Jesus, para sa Espiritu Santo, para sa mga nakakaalam na, para sa buhay na Presensya ng buhay na Diyos!

193 Sinabi ni Jesus, sa San Marcos doon, sabi Niya, "Sa araw na yaon ay mahahayag ang Anak ng tao." Ngayon, tandaan n'yo, hindi Anak ng Diyos. Dumating Siya sa tatlong pangalan ng pagiging anak: Anak ng tao, Anak ng Diyos, Anak ni David. Noong narito Siya sa lupa noon, dumating Siya bilang Anak ng tao, isa Siyang propeta. Ang Anak ng tao ay isang propeta. Tinawag Mismo ni Jehovah ang mga propeta, na sina Jeremias at iba pa, "Anak ng tao, ano ang iyong nakikita?" Dumating si Jesus, mangyari nga na dumating Siya batay sa Kasulatan, bilang Anak ng tao. Sinabi ni Moises, "Magbabangon ang Panginoon mong Diyos ng isang propetang, gaya ko." At kinailangan Niyang maging isang propeta, Anak ng tao.

194 Pero pagkatapos ng Kanyang kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli, haya't ngayon Siya'y Anak ng Diyos, ang sobrenatural, ang Espiritu Santo.

195 Pero nangako Siya, bago lamang ang pagdating ng wakas ng panahon, na ang mundo'y magiging katulad noon ng Sodoma, noong bumaba ang isang Lalaki sa anyong tao; tatlo sila, dalawang Anghel at ang Diyos Mismo. Hayun ang Diyos. Sinabi ng Biblia na ganoon nga. Ngayon bumaba Siya at inihayag ang Kanyang Sarili dun, sa pamamagitan ng pagtalikod Niya sa—sa tolda kung saan nasa loob noon si Sarah, at sinabi kay Abraham kung ano ang iniisip ni Sarah sa loob ng tolda. Tama ba? Ngayon, sinabi Mismo ni Jesus, "Sa araw na yaon na inihahayag ang Anak ng tao," sa madaling salita, "ang Anak ng tao, ang pagmiministeryo Mismo ni Jesus Cristo."

196 Dadaan ang iglesya sa pag-aaring ganap, kay Luther; sa pagpapaging banal, kay Wesley; sa bautismo ng Espiritu Santo, haya't sa mga Pentecostal; at tutugaygay sa kasakdalan ng Anak ng tao, kapag ang Asawang Lalaki't Asawang Babae ay magiging isa na. Mahahayag nang lubos ang Diyos sa Kanyang Nobya, sa Kanyang Iglesya, hanggang sa silang dalawa'y maging siya rin mismo. Sila'y isa. Ngayon nakikita n'yo na kung nasaan na tayo.

197 Huwag kayong manghawakan sa mga tradisyon at mga kredo na 'yan. Ayos lang sila noong kapanahunan nila, pero namumukadkad na ngayon ang bulaklak. Panahon na ng binhi. Siyanga.

198 Ipinangako ni Jesus ang mga bagay na ito. Ngayon kapag nakikita na natin ang Diyos na ibinubunsod ang pangako Niya na maging buhay sa harapan natin, at nakikita natin na ito'y nasa atin na, at nabubuhay na ang Kanyang Espiritu sa atin; 'yan nga mismo ang tanging paraan ng pagsamba, tanging dakong sambahan, ang nag-iisang tunay na paraan na maaari kang sumamba, "Sapagkat wala nang kahatulan sa mga nakay Cristo

Jesus." Nangako ang Diyos. Sinabi ni Jesus, "Ang mga bagay na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo," at kung ano ang gagawin Niya sa huling araw. Kung paano 'yun dumaan sa panahong ito, na di maliwanag o araw, na para bang magiging—magiging makulimlim na panahon, pero ang gabi, "Sa oras ng gabi, ay Magliliwanag."

199 Sumisikat ang araw sa silangan at lumulubog sa kanluran. Ang parehong araw na sumisikat sa silangan ay lumulubog sa kanluran, naglakbay ang sibilisasyon kasabay nito. Naglakbay ito sa ibabaw ng tatlong katubigan, tatlong anyo ng bautismo. Oh, hayan nga, mula Asya, papuntang Europa; mula Europa, papuntang Inglatera; at mula Inglatera, papuntang Estados Unidos.

200 At ngayon bumabalik na uli tayo mismo, at heto tayo na nakaupo sa hapon na ito, sa Kanlurang Baybayin, kung saan ang kaapawan ng kasalanan ng lahat ng mga kapangyarihan ng kadiliman ay bumubunton dito. Ang mga pelikulang ito't mga palabas sa telebisyon, na haya't hinahalikan ng kalalakihan ang kababaihan doon, at nilalason ang isipan ng maliliit na mga kabataang babae.

201 Alam n'yo ba na sinumang lalaki na hahalik sa isang babae'y may obligasyong moral siya na pakasalan ang babaeng 'yun? Sa potensyal ay seksuwal na pakikipagniig ito. Tunay, ganoon nga. Ganoon, 'yun. Ano ito? Yun ay glandulang panlalaki na nasa mga labi ng isang lalaki, at 'yung glandulang pambabae. Kapag nagkadikit ang glandula ng lalaki at ng babae, ito'y seksuwal na pakikipagniig.

202 Tingnan n'yo ang Holywood, tingnan n'yo ang kay babata pang mga dalagita na nakahilata rito sa mga liwasan, at mga kabataang lalaki na nakahiga sa mga kabataang babae na ito, at mga bagay na tulad nun, tapos nagsisiawit sa mga koro. At itong mga Elvis Presley, at iba pa, na mayroon tayo sa panahong ito, isa itong kahihiyan sa pangalan ng Amerika, sa bagay na ipinaglaban at pinag-alayan ng dugo at ikinamatay ng ating mga ninuno.

203 Pero dumating na ang oras na kinakailangang magbigay-daan ang bawat kaharian, dahil may isang Kaharian ng Diyos na naitatag sa puso ng tao, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo at Presensya ni Jesus Cristo. At darating si Cristo sa Kanyang Nobya at magtatatag ng isang Kaharian dito sa lupa, na di na kailanman maglalaho. Papaano kayo makakapasok sa Kahariang ito? Ipinanganak kayo rito. Papaano n'yo malalaman? Magpatuloy lang kayong . . . Papaano kayo magiging kabilang sa isang kaharian at tutol naman sa hari? Kita n'yo, kayo'y . . . At ang Hari ay ang Salita. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagsalaman ang

Salita at tumahan kasama natin. Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

204 Papaano nila napagkilala na Siya ang Anak ng tao? Tumatanaw Siya roon sa madla at natatalos kung ano ang iniisip nila. Alam nating totoo 'yan. Siya'y siya pa rin mapasa hanggang ngayon. Naniniwala ba kayo riyan?

205 Nakapamigay ba si Billy ng mga prayer card? Yan 'yung nakalimutan kong tanungin sa kanya. Nakapamigay ba siya ng mga prayer card? [Sinasabi ng kongregasyon, "Opo."—Pat.] Nakapamigay siya ng mga prayer card. Sige.

206 Sasabihin ko sa inyo. Kung may sapat kayong pananampalataya, haya't may pananampalataya ako para sampalatayanan na ang Diyos, na Siyang nangako, ay may kakayahang patunayan ang Kanyang Sarili bilang Diyos dito mismo, nang kahit walang sinuman ang sasampa rito sa entablado. Nararamdaman kong gusto kong kumilos nang kusa, batay sa pangako ng Salita ng buhay na Diyos. Tingnan n'yo rito, hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang isang bagay. Itong kapangyarihan na nagbibigay-buhay, gagamitin natin Ito. Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo. Ilan po ang naniniwala na kamit n'yo ang kapangyarihan na nagbibigay-buhay? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno, anong nangyari na sa pagpapatong ng mga kamay n'yo sa mga maysakit?

207 Noong matanggap ng mga alagad ang kapangyarihang nagbibigay-buhay, noong Araw ng Pentecostes, anong ginawa nila? Lumabas sila at pinatungan ng mga kamay ang mga maysakit, at sila'y nagsigaling. Sinabi ni Jesus, sa Marcos 16, "Magpapatuloy ito hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Gaano bang kahaba, ang saklaw ng panahon ng mga apostol? "Humayo kayo sa buong sanlibutan, ipangaral ninyo ng Ebanghelyo sa lahat ng nilikha. Ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga nananampalataya; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Yan ang kapangyarihang nagbibigay-buhay na katulad nung nasa mga buto ni Elias, mga buto ni Eliseo. Ang siya ring kapangyarihang nagbibigay-buhay ay nasa mga banal na bumangon sa kanila. Kung ang siya ring kapangyarihang nagbibigay-buhay na 'yun ay nasa atin, ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling.

208 Napansin ko rito, halos nahinto na ako sa pagkakaroon ng espirituwal na pagkilala, hayan nga, ipinapatong ko na lang ang mga kamay ko sa mga maysakit. Napapansin ko mismo, hayan nga, ang mga bagay na di ko kailanman . . . hindi ako nakakaabot sa sang-katlo ng mga tao, kung tutuusin. Sa ganitong paraan, mas marami ang naaabot ko kaysa dati. At nasumpungan ko na mas maganda ang naging mga resulta, sa paglalagay ko sa sarili ko sa mga bisig ng Diyos, at pagsasabi, "Panginoong Diyos,

ipinangako Mo ito. Pangako Mo ito; hindi po akin, sa Iyo, at nangako Kang gagawin Mo ito. At nakita na Kitang ginagawa ito. At mananampalataya ako na Iyong gagawin ito, dahil ako'y nabautismuhan na tungo sa Iyong Katawan, at sa Iyong Espiritu rito para mapagkilanlan na 'yun ang Katotohanan." Amen. Yun ang dakong sambahan. Pagkatapos makakarating ka sa isang dako, "ang lahat ng bagay ay mapangyayari." Pagkatapos makakarating sa isang dako na ang iyong—ang iyong mga motibo't mga layunin, bilang mga bagay na iyong tagumpay, ay sadyang eksaktong nasa kalooban ng Diyos. At kapag ipinatong mo ang iyong mga kamay roon at sasampalatayanan ito, ito'y mangyayari. Sinasampalatayanan n'yo ba?

209 Naniniwala ako, na bago matawag ang isang prayer card, o iba pa, haya't kayang sabihin sa akin ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat kung anong mayroon kayo riyan, at kung anong dapat n'yong gawin, at kung ano ang di n'yo dapat ginawa. Ito po'y pagkukusa, tama, alam kong tama mismo, pero 'yun mismo ang nais ng Diyos na gawin natin. Naniniwala ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ilan ang maniniwala rito kung gagawin ito ng Diyos? ["Amen!"]

210 Walang isa man na nakaupo sa harapan ko ang kakilala ko, sa abot ng nalalaman ko, o may nakikita ako na talagang kilalang-kilala ko. Ilan ang nakakaalam, sa dakong ito, na tayong lahat ay mga di magkakakilala, sige't itaas n'yo ang inyong mga kamay. Batid na wala akong anumang nalalaman tungkol sa inyo, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Saanman sa mga tagapakinig, na alam na wala akong nalalaman tungkol sa inyo. Sa palagay ko sa lahat ng dako mismo, lalo na rito sa itaas. Ngayon marahil ang iba'y . . . Di ko sila kilala. Hindi lang sila nagtaas ng kanilang mga kamay, pero di ko—di ko—di ko sila kilala, hayan nga. Sa palagay ko si Richard Blair 'yang nakikita ko na nakaupo rito. Sa palagay ko siya nga 'yan. Di ko . . . Madilim sa ibaba riyan. May mga ilaw sa gawing *ito*. Hindi ko maaninag.

211 Pero tumingin kayo rito, sinisikap kong sabihin sa inyo, na, kapag dumating ang kapangyarihang 'yun na nagbibigay-buhay sa inyo, ito'y si Jesus Cristo. Noong magpatong si Jesus ng Kanyang mga kamay sa mga maysakit, gumaling sila.

212 Noong may kapangyarihang nagbibigay-buhay si Jesus para bigyang-buhay Siya, bilang isang Tao, nagagawa Niyang tumingin at sabihin ang mga pag-iisip na nasa mga tao, sabihin sa kanila kung ano ang iniisip nila, kung ano ang ginawa nila. Nakatalikod Siya sa kanila, haya't sasabihin ang siya ring bagay sa kanila, "Bakit kayo nangangatwiran sa inyong mga puso?" Hinipo ng babae ang Kanyang damit, ang sabi Niya, "Sino ang humipo sa Akin?" Hinanap Niya sa paligid at nakita ang babae, at nagsabi, "Napagtatanto Ko na may bisang umalis sa Akin. Pinagaling ka ng iyong pananampalataya." Yan si Jesus Cristo.

Pinatutunayan n'yan kung saan naroon ang Iglesya, at kung ano ang ginagawa mismo ng tunay na kapangyarihan ng Diyos na nagbibigay-buhay sa tao. Naniniwala ba kayo roon?

Sige't iyuko na natin ang ating mga ulo pansumandali.

213 Minamahal na Diyos, nakipagbuno kami kay Satanas ngayong hapon na ito, sa mga mikroponong ito, nalalaman na marahil di nasagap ng mga tao ang kalahati nito, dahil sa alingawngaw sa paligid ng. . .sa gusali nang paganoon. Pero dalangin ko, Diyos, na kunin ng Espiritu Santo ang nararapat, Panginoon, para ipakita sa mga tao na di kami isang patay na pabigat na pangkat na mga nagsisiasa lang. Diyos, buhay po kami ngayon, binuhay ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Nabubuhay si Jesus Cristo sa amin. Sinasampalatayanan namin 'yan, Panginoon.

214 Wala kaming inaangkin na kaluwalhatian sa ganang sarili namin. Tulad sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, kung saan ang bawat isa sa amin ay may representasyon dun; naroon si Moises, ang namatay at ibinangon muli; naroon si Elias, ang binigyang-buhay na mga banal na aagawin sa huling araw. Oh, nakita nila noon, noong magsilingon sila, ang nakita lang nila'y tanging si Jesus. Batid namin, Panginoon, ayaw naming kami ang makita ng mga tao. Hindi kami naparito para sa ganoong layunin. Di nawa mangyari!

215 Pero, Panginoon, nagagalak ang mga puso namin kapag nakikita namin si Jesus na naluluwalhati sa gitna namin; kapag nakikita namin Siyang naluluwalhati, kapag nakikita namin ang Kanyang Salita, na Siya ang Salita; kapag nakikita namin na mababasa namin ito sa Biblia rito, kung saan nangako Siyang gagawin Niya ito, pagkatapos ang makita Siyang gawin ito mismo sa amin, Oh Diyos, ibinubunsod nga kami nito na magpakumbaba, sa pagkabatid namin na ang Kanyang buhay na Presensya. . .

216 Wala kaming sinalihang anuman o may bagay na ipinagpalit. Sumasampalataya lamang kami, Panginoon, tungo sa Buhay na Walang Hanggan. At tinatakan Mo kami roon sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, at binigyang-buhay ang aming mga katawan, at binigyang-buhay ang aming mga espiritu, at binigyang-buhay kami mismo para makakita ng mga pangitain, at magpropesiya, at makapagsalita ng iba't ibang mga wika, makakita ng mga dakilang tanda't kababalaghan na nangyayari. Tunay nga, ito ang buhay na Diyos. Kami'y nasa Katawang 'yun. Gayong, sa sanlibutan, ay kahangalan ito sa kanila na mga nasa kapahamakan; pero sa amin na nananampalataya, ito'y kapangyarihan ng Diyos, tungo sa Buhay na Walang Hanggan. Pinasasalamatan Ka po namin para rito, Ama.

217 Ngayon makilala nawa sa araw na ito, Panginoon, na Ikaw ay Diyos, at hindi Mo kailanman binago ang Iyong isip tungkol

sa isang Salita na sinabi Mo kailanman. At Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at ang nag-iisa—ang nag-iisa't tanging Daan na inilaan ng Diyos. Ang tanging Tao na pinaglagyan ng Diyos ng Kanyang Pangalan, ay ang Sarili Niyang Anak Na nagdala ng Kanyang Pangalan, si Jesus; Ang Diyos, Jehovah, Tagapagligtas, Emmanuel, ang Pintuan sa kulungan ng mga tupa; Siyang Nakaraan, Ang Ngayon, at Ang Darating; ang Ugat at ang Supling, kapwa Ugat at Supling ni David; ang Tala sa Umaga, ang Liryo ng Libis. Oh Diyos, lubos na kamangha-mangha nga! Kaya di nakapagtataka na sinabi ni Isaias, "Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Ang makapangyarihang Diyos, walang hanggang Ama." Oh, wala na kaming iba pang Ama kundi Ikaw, Panginoon. Ikaw ang aming Ama. Ikaw ang aming Ina. Ikaw ang lahat kung ano kami, lahat na maaaring maging kami. Wala kaming ibang pagtutuunan ng paningin kundi si Jesus na naluluwalhati!

218 Ama, maaaring naging di maayos po ang pagkakalahad ko nito, ngayong hapon, pero tanggapin Mo po ang damdaming nilalaman ng aking puso, at dinggin ako, minamahal na Diyos. At maproklama nawa, sa araw na ito, na naluluwalhati si Jesus Cristo dito mismo sa templong ito. Ipagkaloob Mo po ito, Ama, sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan, at habang may pagpapakumbaba akong naghihintay kasama ng mga tagapakinig na narito, na makita Kang kumilos sa pamamagitan ng Iyong Espiritu. Amen.

219 Ngayon ay gusto kong gawin n'yo ang isang bagay na ito para sa akin. Gusto ko kayong tanungin ng isang taimtim na katanungan. Gusto kong sagutin n'yo ako na para bang ito na ang huling pagkakataon na sasagutin n'yo ang sinuman sa inyong buhay. Naniniwala ba kayong ito ang Katotohanan? Naniniwala ba kayong wala maski isa mang iglesya o isang denominasyon ang maaaring kilalanin sa Presensya ng Diyos? Naniniwala ba kayo roon? Wala maski isa. Tanging ang mga ipinanganak lamang kay Jesus Cristo, ang nagdadala ng Kanyang Pangalan! Tama.

220 Dala-dala n'yo ang Kanyang Pangalan kapag ipinanganak kayo roon, hindi sa pamamagitan ng bautismo sa tubig. Bagaman puwede kayong mabautismuhan sa Pangalan Niya, pero hindi 'yun ang pagdadala ng Pangalan Niya. Dinadala n'yo ang Pangalan Niya sa pamamagitan ng kapanganakan, hindi sa pamamagitan ng tubig. Kita n'yo, kayo'y binautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, siyanga, po, tungo sa pakikisama; pero kayo'y nabautismuhan sa pamamagitan ng Espiritu Santo, kay Jesus Cristo. Kaya puwede kayong mabautismuhan nang sandaang makaulit, sa anumang paraan na gusto n'yo, iba mang paraan, wala ngang magiging kaibhan. Pero kung kayo'y mabautismuhan nang minsan lang sa pamamagitan ng Espiritu Santo, tungo sa Katawan ni Cristo, kayo'y nagiging anak na

lalaki o anak na babae ng Diyos, at, "Ang bawat Salita ay totoo!" At, pagkatapos, ginawa Niya 'yun para sa layunin na 'yun.

221 Tulad nga ng nabanggit ko noong isang araw, noong kumilos ang Diyos at pinasinag ang araw sa lupa, alam Niyang 'yung mga puno ng palma't lahat ng bagay ay nakahimlay sa ilalim ng lupa. Kanyang. . . Bahagi ang mga 'yun ng lupa noong panahong 'yun, kayo rin naman.

222 At noong ibinangon Niya ang Anak ng Diyos, noong umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, at ipinadala ang Espiritu Santo, 'yun nga'y para bigyang-buhay, din naman, ang binhing 'yun ng Buhay na Walang Hanggan, at paunang alam na Niya bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, na 'yun ay paririto. Alam na Niyang ang mikroponong ito'y magiging ganito ngayong gabi. Alam na Niya na ganyan ang magiging saloobin n'yo. Siya'y walang katapusan. Hindi n'yo ito malilirip sa inyong isipan, kailangan n'yo lang itong tanggapin. Pero, hayaan n'yong sabihin ko ang isang bagay na ito, ang siya ring Diyos ay nakatayo rito, ngayong hapon, sa Kanyang mga tao.

223 Kayo man ay Methodist, Baptist, Pentecostal, ano man kayo, huwag n'yong ilalagak ang tiwala n'yo sa kung anong organisasyon. Dahil, hindi sila maaaring maging isang organisasyon. . . Binubuo ito ng sobrang daming iba't ibang doktrina. Binubuo ito ng sambun-. . . Kailangan n'yong maging indibiduwal, sa Diyos. Kailangan n'yong maging isang indibiduwal. Sa inyo nakikitungo ang Diyos, hindi sa inyong simbahan. Siyanga't nagagawa n'yong makapamuhay ng tamang uri ng pamumuhay sa inyong simbahan o kongregasyon kung saan kayo sumasamba, kailangan n'yo kasing maipamuhay ang tamang uri na 'yun ng pamumuhay na dapat n'yo naman talagang gawin. Pero kita n'yo, gumagawa sila ng mga kredo, at kung ano pa, na hindi nga kayo maaaring makapasok sa mga pintuan nila kung hindi n'yo 'yun pinaniniwalaan. Kaya papaano makakapasok doon ang Diyos, samantalang ang Salita Niya'y tuluy-tuloy mismo na nahahayag?

224 Papaano malalaman ni Luther noon ang tungkol dito sa mga bautismo at—at pagpapanauli ng Espiritu, noong nandun siya sa panahon niya noon? Hindi pa lumalago nang ganoon ang halaman. Hindi rin ito alam ni Wesley noon. At maging ang Pentecostal ay di rin nalalaman kung ano ang nangyayari ngayon. Pareho mismo, lumalago ito papalayo sa inyo. Siyanga. Ganoon ang nangyari sa bawat kapanahunan, at sa tuwina'y ganoon ang mangyayari.

225 At kaya kong patunayan, sa pamamagitan ng Biblia, na ito ang kapanahunan ng trigo. Alalahanin n'yo, pagkatapos ng malawakang rebaybal na ito. . . Wala ngang panibagong organisasyon ang lumitaw mula noong Pentecostal. Hindi kasi maaari. Mula sa talukap patugaygay ito sa trigo, at wala

nang iba pang kasunod kundi ang butil na. Yan ang dahilan. Labinlimang taon. . .Karaniwan, tatlong taon, at may uusbong na organisasyon mula sa anumang rebaybal. Tanungin n'yo ang sinumang mananalaysay ng kasaysayan. Haya't wala nang organisasyon pagkatapos Nito. Sinubukan nilang magtayo ng isang Latter-day Rain, pero nakita n'yo kung anong nangyari dun. Hindi maaari. Trigo na ngayon. Siyanga, po. Wala nang mga tagapagdala. Tunay na butil na. Si Cristo'y nasa gitna na ng Kanyang mga hirang. Naniniwala ba kayo rito?

226 Sige't simulan natin sa banda *rito*, sa ibaba. Hindi ako makapili riyan, dahil napakarami n'yo. Ilan ang naniniwala na ako'y lingkod Niya? Manampalataya kayo sa Diyos! Ilan sa banda *rito* ang naniniwala roon sa parehong paraan, ay magsasabi, "Sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko"? Ngayon ipagkaloob nawa ito sa atin ng Panginoong Diyos, para makita n'yo ang kapangyarihan na nagbibigay-buhay. Ito'y isang mahalagang bagay, importanteng katibayan, na nagpapatunay rito.

227 Oo, maaaring sabihin ng isa, "Oh, *ganito* Yun, *ganito*, *ganoon*." Pero hayaan n'yo lang ito na kumilos.

228 Ngayon, ganap na imposible para sa akin na malaman ang anumang bagay tungkol sa inyo. Alam n'yo 'yan. Wala akong kilala't isang tao lang, sa mga nakikita ko, at si Reverend Blair lang na nakaupo riyan, na bumiyahe pa nang malayo mula sa silangan, sa tingin ko Arkansas o kung saan dun. Yan lang ang nag-iisa sa mga nakaupo riyan, na nakikita ko na kakilala ko. At batid ng Diyos na totoo 'yan. Kaya naman kinakailangan na isang bagay ito na. . .

229 Napansin ko sa banda rito, itong munting binibini na nakaupo riyan sa dulo, siya'y may suliraning espirituwal na ipinapanalangin mo. Nananampalataya ka bang kayang ituwid ng Diyos ang suliraning espirituwal na 'yan para sa iyo, at isaayos ito? Sige po, mapapasaiyo.

230 Ipatong mo ang kamay mo sa isa pang binibini na nakaupo sa tabi mo, dahil may sakit siya sa tiyan na ipinapanalangin niya, din naman. Siyanga. Tama ba, kapatid na babae? Itaas mo ang iyong mga kamay kung totoo 'yun. Hindi kita kilala, di pa kita nakita sa buong buhay ko. Dalawang babaing itim.

231 Ngayon, ano 'yun? Hindi ba't eksakto 'yun sa gaya ng sinabi Niyang gagawin Niya? Eksakto mismo.

232 Heto ang isang binibini na nakaupo, na nakatingin mismo rito; nakaupo, nakatingin sa akin. May sakit siya sa puso. Nananampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang sakit na 'yan sa puso? Nakaupo ka riyan na nananalangin, "Sana makalapit ako roon." Tama ba? Ikaway mo ang kamay mo nang *paganito*, kung tama. Papaano ko nalaman kung ano ang sinasabi mo sa panalangin mo?

Kita n'yo, manampalataya lamang. Yun lang ang kailangan n'yong gawin, ang manampalataya.

233 Heto't nakaupo rito ang isang binibini na agad mamamatay kung di siya gumaling. May kanser siya. Nananampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang kanser na 'yan? Oo. Sinasampalatayanan mo ba? Ikaw, na medyo mabagal ang pagtaas mo ng iyong kamay, nananampalataya ka bang kayang sabihin ng Diyos sa akin kung sino ka? Bb. Gunn. Ngayon, kung tama 'yun, ikaway mo ang iyong kamay nang *paganoon*, kita mo. Sige. Umuwi ka na, pagagalingin ka ni Jesus Cristo.

"Kung masasampalatayanan mo, lahat ng bagay ay mapangyayari."

234 Tumama 'yun sa ginang na ito na nakaupo riyan na may suot na itim na sumbrero, na nakatingin sa akin. May kanser din siya. Nananampalataya ka bang pagagalingin ka ng Diyos? Nananampalataya ka ba nang buong puso mo? Ang kausap ko ay si Gng. Miller. Sinasampalatayanan mo ba? Hindi ko kilala 'yung babae, hindi ko pa siya nakikita kailanman sa buong buhay ko, at batid ng Diyos sa Langit na totoo 'yun. Amen.

"Kung masasampalatayanan mo!"

235 Heto ang isang babaing itim na nakaupo mismo sa banda rito sa dulo, nakayuko ang ulo. May iniisip siya, iniisip niya ang tungkol sa isang mahal sa buhay, isang tao na ipinapanalangin niya. Pumunta siya, sa katunayan, para manalangin. . .maipanalangin ang isang tao. Hindi't wala ang tao rito, ang asawa niyang lalaki ito. Tama. Siya. . .Wala ang asawang lalaki rito. Nasa bahay. Naoperahan siya, hindi ba? Tama. Nililigalig siya ng problema sa sinus, at iba pa. Totoo 'yun, hindi ba? Magiging maigi na siya. Malakas ang pananampalataya mo para rito. Sinasampalatayanan mo ba na magkakatotoo 'yun? Amen.

236 Hindi n'yo ba nakikita na si Jesus Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Tanungin n'yo ang mga taong 'yun. Dumiretso ito sa mga tagapakinig. Nananampalataya ba kayo na narito Siya? Nararamdaman n'yo ba ang kapangyarihang 'yun na nagbibigay-buhay sa inyo? Buweno, hayan nga ang Diyos na nagpapagaling sa inyo, mga kaibigan. Sinasampalatayanan n'yo ba ito?

237 Ngayon, maaari n'yo bang gawin ang isang bagay para sa akin? Sige't, ilan dito ang may sakit, patingin po't pakitaas ng inyong kamay. Sige't mag-aalas singko na. Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa, at atin lamang. . .Huwag kayong magsasalita maski isang salita, ipatong n'yo lang ang mga kamay n'yo sa isa—isa't isa. May ibig akong ipagawa sa inyo.

238 Hayan po, 'yang lalaking nakaupo rito mismo, may bukol siya sa kanyang likod. Nananampalataya ka bang aalisin ng Diyos 'yang bukol na 'yan sa likod mo, ginoo? Nananampalataya

ka bang pagagalingin ka ng Diyos? Kabataan, na nakatingin sa akin, at inakalang malalampasan siya. Itaas mo ang kamay mo, ginoo. Sige lang. Manampalataya ka nang buong puso mo, na aalisin ito ng Diyos para sa iyo.

239 Hallelujah! Hinahamon ko ang lahat ng mga nakaupo rito, sa Pangalan ni Jesus Cristo! Kung magagawa n'yo, kung. . . Ang inyong budhi, huwag n'yo itong hayaang matuyot dahil sa kawalan ng pananampalataya, huwag n'yo itong hayaang magulumihanan. Hindi n'yo ba nakikita ang Anak ng tao, ang Anak ng tao na nasa anyo ng propetikong Mensahe, na bumabalik muli sa Kanyang Iglesya, sa propesiya, inihahayag na si Jesus Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Hindi pa ito kailanman nagawa sa mga nagdaang kapanahunan, hanggang sa panahong ito. Kita n'yo? Hayan mismo ang katibayan nito.

240 Ano nga ba ang Iglesya? Papaano ka makakapasok Dito? Kapag nasa loob ka na, ang buong-buong si Jesus Cristo, ay ikaw na, na anupa't naging anak na lalaki't anak na babae mismo ng Diyos. Siya'y naging ikaw upang ikaw naman ay maging Siya.

241 Ang nangyayari kasi, takot kayo na gamitin ito, o siguro'y ayaw n'yong lumakip na itaguyod ang Kanyang Salita. Ngayon, hindi 'yan makakatulong kahit kaunti, at wala akong—wala akong pakialam kung anuman ang nagagawa n'yo. Kung hindi kayo ganap na papasok sa Salitang 'yun, hindi ito kailanman uubra. Sinong makakaparatang sa akin ng isang bagay na sinabi Niya't ipinangako sa panahong ito, tapos hindi nangyari? Kung ganoon ay huwag n'yong ipangalandakan ang denominasyon n'yo sa akin, dahil hindi 'yan uubra.

242 Hallelujah! Damang-dama ko, alam kong narito Siya. Positibo ako na narito Siya. Alam ko ngayon na mayroong sapat na kapangyarihan na nagbibigay-buhay sa Iglesya para pagalingin ang bawat isa na nakaupo rito. Kaya masasampalatayanan n'yo ba? Buweno, kung ganoon, sasampalatayanan n'yo ba?

243 Naniniwala ba kayo sa pananalangin para sa mga maysakit? Naniniwala ba kayong sinabi ni Jesus, "Ipinapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila'y nagsisigaling"? Buweno, ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa ngayon. Huwag kayong manalangin para sa sarili n'yo. Ipanalangin n'yo ang katabi n'yo. Ipinapanalangin nila kayo. Sige po't nang taimtim at mapitagan ngayon.

244 Panginoon, lubos po Kitang pinasasalamatan, na nakatatayo ako rito sa entabladong ito at—at naipapangaral ang isang Salita na labis na salungat sa pag-iisip ng mga tao sa panahon ngayon, hanggang sa bansagan nila Ito na "huwad na pananampalataya," tinatawag nila Itong "espiritismo," tinatawag nila Itong "masasamang espiritu," katulad ng ginawa

nila noon, tinawag na, "Beelzebub." Pero ang makita Ka po mismo sa gitna nitong maraming tagapakinig, ngayong hapon, na bumaling at kinumpirma at pinatunayan nang eksakto kung ano ang ipinangaral, na Ito ang Katotohanan.

245 Diyos, heto po ang Iyong bayan. Sinubukan ng—ng diyablo na aberyahin ang mga mikropono, sinubukan niyang guluhin ang isipan ng mga tao, sinubukan niyang pigilan sila na makuha Ito. Pero naniniwala akong makukuha't makukuha nila Ito, sa papaano mang paraan, Panginoon. Hinihiling ko na makuha nila Ito. Hinihiling ko na matanggap nila Ito. Ipagkaloob Mo po, Panginoon, sa mga mananampalatayang ito, ang kapangyarihan na nagbibigay-buhay, na kung sakaling sila . . . kung di na nila maabutan para makita ang Iyong Pagdating, ay ibabangon sila ng kapangyarihang 'yun na nagbibigay-buhay sa mga huling araw.

246 Ipagkaloob Mo po ngayon na ang kapangyarihang 'yun na nagbibigay-buhay ay bigyang-buhay ang kanilang pananampalataya, Panginoon, sa bagay na kanilang ginagawa. Narito ang mananampalataya na nakapatong ang mga kamay sa kapwa mananampalataya, isang katawan sa isang katawan, isang kapangyarihan sa isang kapangyarihan. At ito'y kapangyarihan ng Diyos, sa pamamagitan ng isang anak na lalaki ng Diyos o isang anak na babae ng Diyos, sa pamamagitan ng Anak ng Diyos. Oh Diyos, kalagan nawa ni Satanas ang mga taong ito! Gumaling nawa sila sa hapon na ito, sa pamamagitan ng bumubuhay na mag-uli, na nagbibigay-buhay na kapangyarihan ng Presensyang napagkilala, si Jesus Cristo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, mangyari nawa!

247 Ang mga kamay n'yo na nakapatong sa mga tao'y may kapangyarihang nagbibigay-buhay, kung kayo'y binigyang-buhay na. Nabuhay na ba kayo? Naging totoo na ba si Cristo sa inyo? Nahayag na ba ang kapangyarihan ng Diyos? Naroon na ba kayo sa Iglesyang 'yun, ang inilaan ng Diyos na Iglesya? Papaano kayo nakapasok Dito, papaano n'yo malalaman na binigyang-buhay na kayo Rito? Haya't ang buong pag-iisip n'yo, ang buong katauhan n'yo, ay nakay Cristo na ngayon. At si Cristo'y nasa gitna ng mga tao, na pinatutunayan ang Kanyang Sarili na buhay, pinatutunayan na narito Siya sa mga araw ng Sodoma.

248 Sa pamamagitan ng mga kamay ng mga taong nariyan, na anupa't ang kanilang mga buhay ay nabago mula sa pagiging laman ng lansangan, mula sa pagiging mga lasenggo, mula sa pagiging mga patotot sa lansangan, ay naging mga tunay na banal ng Diyos, mga binigyang-buhay. Nakapatong ang mga kamay nila sa inyo. Sila'y nasa Iglesya, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, ang parehong kapangyarihan na nasa mga buto noon ni Elias. Ang ganoon ding kapangyarihan ay nakapatong sa inyong balikat, sa inyong mga kamay, sa inyong mga ulo, ang parehong kapangyarihan na 'yun na nagbibigay-

buhay; habang nakatayo Siya rito na pinatutunayan na Siya'y buhay mula sa mga patay, ipinapakita ang Kanyang Sarili na Siya'y buhay, narito ngayon na ginagawa ang pareho mismong mga bagay na ginawa Niya noon at pinatutunayang Ito ang Katotohanan. Amen!

249 Makasasampalataya ba kayo sa Kanya ngayon? Masasampalatayanan n'yo ba na ang mga kamay na 'yan na nakapatong sa inyo ay mga banal na kamay, masasampalatayanan n'yo ba ang Espiritung 'yan na nagbibigay-buhay sa atin ngayon, ibinubunsod tayo na kumilos na parang baliw sa tingin ng mundo, nananampalataya ba kayo na 'yan ang Kanyang kapangyarihan na nagbibigay-buhay? Nananampalataya ba kayong nasa Kanyang Iglesya kayo? Kung ganoon, kung kayo nga, at nananampalatayang ang mga kamay na 'yan na nakapatong sa inyo ay mga banal na kamay, na inutusan ng Diyos; kung ganoon ay inuutusan ko kayo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na tumayo kayo at tanggapin n'yo ang kagalingan n'yo, lahat kayo na may sakit.

Oh, Cristiano, nauunawaan n'yo ba kung ano ang nangyari?

250 Napagtatanto n'yo ba, na diyan sa mga lansangan ay milyun-milyong tao ang naglalakad sa mga lansangang ito, sa panahon ngayon, na wala ngang ibang kahihinatnan sa mundo kundi maging mga kumpay sa atomika? Napagtatanto n'yo ba na ang mga taong 'yan ay patay sa pagkasadlak sa kasalanan at mga pagsalangsang, at itim ang mga buhay; sa mga iglesya sa lahat ng dako, dahil sa kung anong maikling pagtuturo o kung ano na parang pangingilin sa isang bagay, at tatawagin 'yun na relihiyon?

251 Napagtatanto n'yo ba na ibinangon na kayo mula sa kamatayan patungo sa Buhay, at nabautismuhan papasok sa Katawan ng buhay na Diyos na nagbigay-buhay sa inyong mga katawan, kung saan may pagsasalita ng iba't ibang mga wika't pagbibigay-interpretasyon ng mga wika, nakikita si Jesus Cristo na nahahayag sa kalagitnaan natin? Aba, hindi makatatayo ang karamdaman sa grupo na tulad nito. Ibunsod n'yo ang pananampalataya n'yo na tumugaygay sa Kanya, sampalatayanan Siya! Sabihin, "Panginoong Diyos, nananampalataya ako nang buong puso ko," at kayo ay gagaling.

252 Mayroon bang mga makasalanan dito na ibig pumasok sa Katawang 'yun? Itaas n'yo ang inyong mga kamay, at sabihin, "Hindi pa ako nakapasok Dito, hindi pa ako napuspos kailanman ng Espiritu Santo, pero, Kapatid na Branham, tunay na minimithi ko Ito ngayong hapon na ito. Maaari mo ba akong ipanalangin?" Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Huwag kayong mahiya, nasa Presensya Niya kayo. Haya't tingnan n'yo ang mga kamay! Tingnan n'yo ang mga kamay!

253 Ngayon ang lahat ng nagnanais ng bautismo ng Espiritu Santo, itaas n'yo ang inyong mga kamay, saan man kayo naroon, na mga nagnanais Nito.

254 Ngayon kayo na may Espiritu Santo na, na nakatayo sa tabi nila, ipatong n'yo ang inyong banal, na malinis na mga kamay sa kanila. "Kung ang Espiritu Santo, na nagbangon kay Jesus mula sa mga patay, ay nananahan sa inyo, bibigyang-buhay nito ang inyong mga mortal na katawan, mula kamatayan patungo sa Buhay." Dinadala nito ang buong katawan sa pagpapasakop sa Espiritu. Ngayon iyuko natin ang ating mga ulo, at ipanalangin ang bawat isa na nagnanais ng bautismo ng Espiritu Santo. At naniniwala nga ako na pupuspusin ng Diyos ang bawat isa sa inyo, ngayon din, ng Espiritu Santo.

255 Bakit pa tayo naghihintay, mga kaibigan? Malilipasan kayo sa kahihintay, isa sa mga araw na ito. Ito na mismo ang oras. Huwag na kayong magpahapay-hapay pa. Narito na kayo sa templong ito kung saan may magdamag kayo para manatili't manalangin.

256 Minamahal na Diyos, dalangin ko na Iyo pong ipadala muli ang Espiritu Santo, na gaya sa isang humahagibis na hanging malakas, punuin Mo po ang bahay, matapos ng sakdal na pagpapakilala na ito rito, ngayong hapon, na Ikaw ay nabubuhay at kasama ng mga tao. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

65-0425 Ang Inilaang Dakong Sambahan Ng Diyos
Embassy Hotel
Los Angeles, California U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org